LUNTIANG BINHI

GUMAGAPAS SA PAGBASA, UMAANI SA PAGSULAT

ANG OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGKAMPUS NG DE LA SALLE SANTIAGO ZOBEL—BRAFENHS

UNANG ISYU T.P. 2023-2024 VOLUME 1

KUHA NI: RIAM SANTIAGO



BALITA
DLSZ, IPINAGDIWANG ANG SAPIRONG TAON: VISION-MISSION WEEK
PAHINA 4

EDITORYAL
WALANG KATAPUSANG 'BAYANIHAN'
PAHINA 6

LATHALAIN
HAWAK MO ANG IYONG KINABUKASAN
PAHINA 13

BALITA

UNANG TAON NG IS, UMARANGKADA SA IKA-45 TAON NG DLSZ

ISINULAT NI
Franchezka Huelgas

Inimplementa ng paaralang De La Salle Santiago Zobel (DLSZ) ang Integrated School (IS) Curriculum, kung saan pinagsama ang departamento ng Alabang, Vermosa, at Br. Rafael Donato FSC Night High School (BRafeNHS) sa ika-45 na taon ng paaralan, taong panuruang 2023 - 2024.

Sa bagong sistemang ito, iisang akademikong kalendaryo lamang ang susundin ng buong komunidad na kinabibilangan ng mga klaster ng Grade School, Junior High School (JHS), Senior High School (SHS), at Night High School (BRafeNHS). Pinagsama rin ang mga guro sa iba't ibang administrasyon kung kaya't nasa ilalim na ng pamumuno ng iisang punong-guro ang dalawang nabanggit na kampus ng paaralan.

"This collaboration […]

▶ ITULOY SA PAHINA 4

LATHALAIN

POLLSUHAN: PAANO NAKAAAPEKTO ANG IMPLASYON SA MGA PANGGABING ISKOLAR

ISINULAT NI
Joshane Cariño

Ay, nagmahal na naman ba? Preno muna, saglit at wala na akong pamasahe pauwi; baka ako'y mapilitang mag-1-2-3!

Hindi lamang presyo ng mga bilihin sa bansa ang tumataas ngayon, ngunit pati na rin ang blood pressure ng mga Pilipinong gipit at nagtitipid. Kabilang dito ang mga magaaral na may kani-kaniyang paghihirap na kinahaharap sa bawat araw ng pagpasok sa eskuwela gawa ng inflation.

"Estudyante ka pa lang naman, ano ba ang alam mo tungkol sa Pilipinas?" Paslit kung tignan ng karamihan ang mga magaaral; mga batang hindi pa mulat sa kung ano ang kasalukuyang estado ng bansa. Ngunit, mapilit na kumakawala sa gapos na ito ang mga estudyante ng BRafeNHS. Bilang mga iskolar ng paaralang De La Salle Santiago Zobel, malaki ang kamalayan ng mga estudyante sa kung gaano kalaki ang epekto ng pera sa pang araw-araw na pamumuhay.

Mula rito, ang *[…]*

▶ ITULOY SA PAHINA 12

GAANO KARAMI ANG GINAGASTOS MO SA PAGKAIN NGAYON KUMPARA NOONG 2018?



MATATAG KURIKULUM, EPEKTIBO NA SA SIMULA NG TAONG PANURUAN 2024 - 2025

ISINULAT NI
Vince Gonzaga


Ang MATATAG Kurikulum, na iminungkahi ng DepEd Secretary at Vice President Sara Duterte, ay magiging epektibo simula sa taong panuruan 2024 - 2025 na maaaring makaapekto nang higit sa mga mag-aaral ng BRafeNHS.

Nangangahulugan ang MATATAG Kurikulum na: "**Ma**kabagong Kurikulum na napapanahon", "**Ta**lino na mula sa isip at puso", "**Ta**pang na humarap sa ano man ang hamon sa buhay", "**G**aling ng Pilipino, nangingibabaw sa mundo." Ang pagbuo ng kurikulum na ito ay nag-ugat mula sa mga isyu sa kasalukuyang kurikulum sa edukasyon; ang pagkakaroon ng maraming mga asignatura at mga Learning Competencies na itinuturo sa mga estudyante mula sa Kindergarten hanggang Baitang 10. Sa pamamagitan ng kurikulum na ito, ang mga asignatura at mga tunguhin ng bawat mag-aaral ay mababawasan at inaasahang mas magiging epektibo ito para sa edukasyon ng mga bata.

May ilang mga asignaturang nabibilang sa MATATAG Kurikulum na wala at mapapalitan sa K-12 Kurikulum, katulad ng **Good Manners and Right Conduct (GMRC) at Values Education** na parehong papalitan ang asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao (ESP), **Reading and Literacy, at Makabansa.** Ang ibang mga asignaturang nasa K-12 Kurikulum ay papanatilihin pa rin sa MATATAG Kurikulum.

Sa pagkakaroon ng implementasyon ng MATATAG Kurikulum, inaasahan ng mga mamamayan na mareresolba nito ang problema sa edukasyon sa bansa.

"[Sa tingin ko] mapapadali naman nito at mababawasan 'yung works and challenges na hinaharap ng students and teachers everyday, especially hindi pareparehas 'yung state of living ng [bawat estudyante]. Mapapadali rin nito 'yung curriculum ng Night High school kahit na integrated tayo [sa] Day High School. [Sa tingin ko] okay naman siya, kasi makatutulong [ito] sa mental well-being ng mga mag-aaral dahil babawas din ito sa stress and iisipin sa mga tasks na gagawin nila." pagbabahagi ni Katrina Rebadavia, mag-aaral mula sa Baitang 10.



KUHA NI: INQUIE JAENA / RAPPLER

Ibinahagi ng ating DepEd Secretary at Bise Presidente na si Sara Z. Duterte ang ginawang baguhin ang tanawin ng edukasyon ng Pilipinas at ito ay inilunsad noong ika-10 ng Agosto taong 2023 ang MATATAG Kurikulum at magiging epektibo simula sa Taong Panuruan 2024-2025.

DATA PRIVACY AWARENESS BINIGYANG-DIIN SA DATA PRIVACY TALK



KUHA NI: RIAM SANTIAGO

Komunindad ng BRafeNHS sa ginanap na Data Privacy Talk sa Teatro ng Sylvia P. Lina Theatre (SPLT) noong ika-29 ng Agosto, 2023.

ISINULAT NI
Vince Gonzaga

Ang serye ng Data Privacy Talk na pinangunahan ng DLSZ handog para sa lahat ng mga mag-aaral, kasama na ang komunidad ng BRafeNHS, ay nagtapos noong ika-29 ng Agosto, 2023, sa Sylvia P. Lina Theatre (SPLT).

Ang nasabing programa ay pinangunahan ni G. Arvin Jasper Villanueva, na sinundan ng pambungad na pananalita mula sa Senior Vice President ng DLSZ, si G. Rafael Reloza. Ang programa rin na ito ang nagbigay-daan upang maipakilala ang tagapagsalita na si G. Danny Cheng, ang Data Protection Officer sa De La Salle University (DLSU). Nagbigay si G. Cheng ng mahahalagang bagay na dapat malaman ukol sa Data Privacy sa programa.

Ang data privacy talk ay naglahad ng kamalayan tungkol sa data privacy, lalo na sa mga bagay na delikado o may risk pagdating sa ating sariling mga *data*. Naitampok sa programa na may mga posibleng panganib kung hindi natin iingatan ang ating impormasyon, tulad ng paggamit ng libreng *Public Wi-fi, online shopping, at social media.* Tinalakay ni G. Cheng ang *doxxing*, o ang pagkalat o *leak* ng iyong personal na impormasyon at ang pag-ikot nito sa publiko, hinggil sa iyong kaalaman. Maaari ring mangyari sa ating mga *data* ang *identity theft*, kung saan inaangkin ang ating personal na detalye bilang kanilang sariling pagkakakilanlan. Ang mga kabataan ay may karapatang makita at ma-*track* ang kanilang *data*, katulad ng kung anong nangyayari rito, saan napupunta ang mga ito, at kung ang *data* nila ay na-*eexpose* o na-*leleak* sa publiko. Ang *cyberbullying* ay maaaring lumaganap din sa ganitong paraan, na makaaapekto sa emosyonal na kalusugan ng kabataan.

Tinalakay rin ni G. Cheng ang patungkol sa *cookies* ng bawat *website*, paggamit ng incognito sa publikong *wi-fi*, at paggamit ng *password manager*. Bukod dito, binigyang-diin niyang mahalaga pa rin ang magingat sa paggamit ng mga ito, dahil maaari nitong malagay sa panganib ang iyong pribadong impormasyon.

UNANG ISYU T.P. 2023-2024
LUNTIANG BINHI

BALITA 02

BRAFENHS, "KINAREER" ANG SCO WEEK 2023



KUHA NI: JUMIELLE ZABALA

Mga opisyal ng BRafeNHS-SRCC na sina Zuriel Mercado at Emjay Mecado, pinangunahan ang SCO Week Launching Activity na ginanap sa Sylvia P. Lina Theatre (SPLT) noong ika-18 ng Oktubre, 2023.

ISINULAT NI
Vince Gonzaga

Isinagawa ng DLSZ ang School Counseling Office (SCO) Week 2023 Program na may temang ***"IGNITE YOUR SPARK: A Celebration of Lasallian Leadership, Zeal, and Service"*** noong ika-18 ng Oktubre sa Sylvia P. Lina Theatre (SPLT) upang ipagdiwang ang Career Month. Naglunsad ang SCO Department ng samu-'t saring kompetisyon at proyekto para sa mga mag-aaral ng BRafeNHS.

Ang mga kompetisyon na inilunsad kaakibat ng selebrasyon ay ang sumusunod: **Ad Astra: Look Up to the Future;** isang paligsahan kung saan ang mga kinatawan ng bawat baitang ay inirampa at nirepresenta ang mga larang na hindi gaanong napahahalagahan o napapansin sa lipunan. Mayroon ding **The Glimpse: Balance Within Me** kung saan ang mga mag-aaral mula sa baitang 10 hanggang 12 ay lumikha ng maiikling pelikula na nakatuon sa paksang *mental health* at *self-care*. Panghuli ay ang **Metanoia: Life with my Own Voice** kung saan ang mga kalahok mula sa Baitang 7-9 ay lumikha ng isang *spoken word poetry* na nakapokus din sa pagpapahalaga sa sarili at sa *mental health*.

Nakapaloob din sa selebrasyon ng SCO Week 2023 ang paglulunsad ng **Project Happiness**, isang interaktibong programa kung saan nakapagpahinga, *relax, enjoy* ang mga mag-aaral sa tulong ng mga booth dito gaya na lamang ng *karaoke zone, drawing/coloring zone, dance floor, board games zone,* at iba pa.

Narito ang mga kampeon sa bawat kompetisyon na nabanggit:

AD ASTRA: LOOK UP TO THE FUTURE

KAMPEON: Batch 2024 (Baitang 12)

IKALAWANG NAGWAGI: Batch 2026 (Baitang 10)

IKATLONG NAGWAGI: Batch 2027 (Baitang 9)

THE GLIMPSE: BALANCE WITHIN ME

KAMPEON: Batch 2025 (Baitang 11)

METANOIA: LIFE WITH MY OWN VOICE

KAMPEON: Vince T. Gonzaga (9N)

IKALAWANG NAGWAGI: Kaela Tiffany Corral (9M)

IKATLONG NAGWAGI: Ana Maria Gamboa (9L)

"[...] I felt relief and contentment na rin na [sa wakas], na-express ko 'yung damdamin ko through that po-em and somehow, naka-relate sa akin 'yung iba. [...] mental health awareness should not only be emphasized during SCO Month, but it should also be encouraged during normal days so that people will not feel alone in their silent battles." saad ni Kaela Corral, ang nagwaging 1st Runner Up sa kompetisyong Metanoia: Life with my Own Voice.

Sa pamamagitan ng selebrasyon ng SCO Month 2023 ay tila nagkaroon ng *"refresher"* o *"breather"* ang mga mag-aaral mula sa kanilang mga alalahanin hindi lang sa paaralan ngunit pati na rin sa kanilang personal na buhay. Naging daan ang programang ito upang higit na makilala ng bawat isa ang kanilang sarili; tukuyin ang kanilang napupusuang kurso o trabaho, magpahinga saglit, at tsaka dahan-dahang tahakin muli ang kanilang lakbay sa buhay.

TANGHALANG LASALYANO, KUMINANG SA ILDJP

ISINULAT NI
Franchezka Huelgas

Nakamumulat-matang pagtatanghal ang ipinakita ng mga kasapi ng Tanghalang Lasalyano (TaLa) sa ginanap na programang International Lasallian Days of Justice and Peace 2023 (ILDJP) na may temang **"Peace in Every Grain: Cultivating Human Rights, Peace and Democracy"** sa Tanghalang Sylvia P. Lina noong ika-27 ng Oktubre, 2023.

Pinamagatang "Butil Ka Pa (?)" ang itinanghal na piyesa ng TaLa na layong isiwalat ang realidad ng buhay ng mga Pilipinong nagnanais makamit ang kapayapaan at hustiya sa mundong mapanghusga. Ang piyesang ito ay isinulat nina Clark Bernas at Keith Bernas, sa direksyon ni Bridget Aliño, at sa gabay ng kanilang gurong tagapagpayo na si Bb. Djouana Rose Manjares.

Ang ILDJP ay isang maka-

▶ ITULOY SA PAHINA 3


KUHA NI: JUMIELLE ZABALA

Pagpapakitang-gilas ng Tanghalang Lasalyano, o TaLa, sa kanilang dula-dulaang pinamagatang "Butil Ka Pa (?)" na itinanghal sa Teatro ng Sylvia P. Lina noong ika-27 ng Oktubre, 2023

SALUSALO PARA SA BUWAN NG WIKA 2024, IKINASAYA NG BUONG KOMUNIDAD MATAPOS ANG PAN-DEMYA

ISINULAT NI
Princess Jane Hermosa


Sa muling pagbabalik ng full face-to-face classes, isang aktibong selebrasyon ng Buwan ng Wika ang idinaos ng komunidad ng BRafeNHS na may temang **"Filipino at Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaan, Seguridad at Ingklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan."** na ginanap noong ika-23 ng Agosto, 2023.

Isa sa pinakainaabangan ng buong komunidad ang kasabay na pagbabalik ng salusalo. Ang salusalo ay ang piging na nagaganap matapos ng programa tuwing Buwan ng Wika. Ang bawat mag-aaral kada pangkat mula Baitang 7 hanggang Baitang 12 ay naatasang magdala ng kani-kanilang pagkaing Pinoy na pinagsalo-saluhan ng mga mag-aaral sa loob ng kanilang silid-aralan. Ito'y tila naging *"cherry on top"* ng kabuoan ng selebrasyon dahil bukod sa tradisyon na natin ang pagkakaroon ng kainan ay sumisimbolo rin ito sa kaugalian ng mga Pilipino dahil partikular na sa pagsasama-sama sa kahit anong pagdiriwang o okasyon.

Sa loob naman ng tanghalang Sylvia P. Lina Theater ay nagkaroon ng programang inihanda ng BR-SRCC at MOVE-BR hinggil sa wika at kasaysayan ng Pilipinas kabilang na dito ang iba't-ibang uri ng palaro at paligsahan gaya na lamang ng **Sapantaha** *(Pinoy Henyo BRafeNHS' version)*, **Estoryador** *(G7-G8 story-telling)*, **Balitaktakan** (*G11-G12 Spoken Poetry)*, **Imago** *(Interbatch Photo booth Competition)*, **Bayani ng Lahi**, at ang panghuli ay ang **Pasahi**.

Naging highlight ng pagdiriwang ang pagbibigay buhay sa mga tradisyon at kulturang Filipino mula sa pananamit, disenyo ng mga banderitas, mga pagkain at aktibidad sa buong paaralan.

Hatid ng Buwan ng Wika ay hindi lamang pag-alala sa ating pinagmulan kundi pagmamalaki rin sa ating mga karangalan. Tunay na pinapatunayan ng mga Pilipino na sa kahit ano mang aktibidad o sakuna, hindi mawawala sa diwa ng mga Pilipino ang pagbubuklod o sinerhiya.


KUHA NI: JUMIELLE ZABALA

Salo-salong pagkain ng komunidad ng BRafeNHS sa kani-kanilang silid-aralan sa naganap na selebrasyon noong ika-23 ng Agosto, 2023.

CONT'D TANGHALANG LASALYANO, KUMINANG SA ILDJP

ISINULAT NI
Franchezka Huelgas

[...] makabuluhang programa na binuo ng Yunit ng Araling Panlipunan para sa mga mag-aaral ng BRafeNHS na may layong magkaroon ng kamalayan at pag-unawa sa kahalagahan ng kapayapaan, karapatang pantao, at demokrasya sa lipunan, partikular sa mga usaping tungkol sa seguridad sa pagkain.

Naging *"eye-opener"* para kay Trixie Almencion (10N), ang gumanap ng karakter ni Gayle na isa sa mga pangunahing tauhan sa istoryang tinanghal, ang pagtatanghal ng TaLa upang patuloy na magpakita ng kabaitan, maging mapagkumbaba, at tumulong sa mga nangangailangan sa abot ng kaniyang makakaya. *"Kayang mailapat ang mga bagay na ito sa totong buhay] ano man ang estado mo sa buhay. [These things ay kayang mai-apply in real life kahit anong estado mo pa sa buhay],"* dagdag ng mag-aaral.

KAUNA-UNAHANG D-SHAPE SA BRAFENHS, ISINAGAWA!

ISINULAT NI
Princess Jane Hermosa

Sa kauna-unahang pagkakataon, isinagawa ang **DLSU Senior High Admission and Placement Exam** (D-SHAPE) para sa mga mag-aaral mula Baitang 11 ng De La Salle Santiago Zobel-Br. Rafael Donato FSC Night High School (DLSZ-BRafeNHS) noong Agosto 2, 2023 sa DLSZ Vermosa Campus na naglalayong ihanda ang mga mag-aaral sa darating na mga *entrance exam* sa mga prestihiyosong paaralan sa kolehiyo.

Isa sa mga naging pokus ng tatlong oras na pagsusulit ay ang asignaturang Agham, Sipnayan, Estadistika, Lohika, at Lengguwahe.

"Masaya [ako] dahil nagkaroon ako ng pagkakataong kumuha ng pagtataya upang makapasok sa DLSU. Halo-halong kaba, pangamba, at galak ang aking naramdaman habang kinukuha ang pagtataya dahil hindi ko inasahang magkakaroon ng ganitong uri ng pagtataya at hindi ako nakapaghanda nang mas maaga. Masasabi kong kahit papaano nakatulong ang pagsusulit na ito na paganahin at patakbuhin sa matulin na galaw ang aking pag-iisip dahil nasubok [nito] ang aking kritikal na pag-iisip. Ang isang naging realisasyon ko pagkatapos ng pagsusulit ay maaari mong ma-outsmart ang pagtataya sa pamamagitan ng paggamit ng iyong isip." saad ni Aycelle Kent Mance mula sa 11P - GAS.

"Masasabi ko na nakakakaba siya kasi nung time na nag-take kami ng DSHAPE [ay] hindi ako nakapag-review [at] nakapag-ready kasi puro exams din [noong mga panahon na 'yon]. Nakatulong ito nang sobra sa'kin [lalo na] sa mga subjects na sakop doon sa DSHAPE; nakatulong ito dahil nabigyan ako ng mas malawak na kaalaman sa mga bagay na hindi pa naituturo sa amin o sa mga bagay na ituturo pa lamang sa amin. Aking napagtanto na mahalaga pala talaga ang pag-aaral bago ang exam dahil makatutulong ito nang sobra upang masagutan nang may kasiguraduhan ang mga tanong at maging kalmado [sa oras ng] ng exam." ayon naman kay Daryll Matthew Rodriguez, mag-aaral mula 11R - ICT.

Bagamat makikita sa ilang mag-aaral ang hamon ng limitadong panahon ng paghahanda, hindi nangangahulugang ang pagtataya ay hindi naging matagumpay. Ang hamon na ibinigay ng D-SHAPE ay siyang oportunidad upang magkaroon ng karanasang sigurado ng tatatak sa kanilang isipan at panibagong mga aral na matututuhan.

CONT'D UNANG TAON NG IS, UMA-RANGKADA SA IKA-45 TAON NG DLSZ

ISINULAT NI
Franchezka Huelgas


[...] *aims to create a positive and dynamic environment, fostering growth and creativity for the community. This year will have great opportunities for us [...] Let us consider the Sapphire Year as the year of transformation and change for the DLSZ community,"* ani Gng. Ruby Ramos, ang bagong punong-guro ng DLSZ.

Ayon kay G. Jeremy Teodoro, isang guro mula sa BRafeNHS, *"[...] I will try to be unpredictable every class day."* noong siya'y tinanong kung anong mga pasabog ang kaniyang nais ihandog sa kaniyang mga mag-aaral. Dagdag pa niya, *"Para sa akin, ang Sapphire Year ay isang year of transformation."*

Magandang oportunidad para sa mga mag-aaral, lalo na sa komunidad ng BRafeNHS, ang pagkakaroon ng integrasyon ng mga kagawaran sa paaralan sapagkat itinataguyod nito ang pagkakaisa at sinerhiya sa pagitan ng mga komunidad ayon kay Chloe Balea, mag-aaral mula sa BRafeNHS 10N.

Maraming nagulat at natuwa, lahat ay nanibago at patuloy na nag-*a-adjust* o sinasanay ang kanilang sarili sa makabagong sistema na isinagawa paaralan tungo sa kaunlaran ng komunidad.

EDITORYAL



MATATAG O MATAGTAG
▶ PAHINA 8

LATHALAIN



TATAK PINOY
▶ PAHINA 12

DLSZ, IPINAGDIWANG ANG SAPIRONG TAON VISION-MISSION WEEK



KUHA NI: JUMIELLE ZABALA

Pagsayaw ng pakultad mg BRafeNHS ng kantang "Flowers" ni Miley Cyrus noong ika-23 ng Nobyembre, 2023, sa Teatro ng Sylvia P. Lina (SPLT).

ISINULAT NI
Franchezka Huelgas at Era Mantilla

Ipinagdiwang ng komunidad ng De La Salle Santiago Zobel (DLSZ) ang ika-45 na Vision-Mission Week ng paaralan na may temang: **"45TERIA: Embrace The Extraordinary"** kung saan nagkaroon ng iba't ibang patimpalak, proyekto, at presentasyong ikinagalak ng buong komunidad na ginanap noong ika-20 hanggang ika-25 ng Nobyembre, 2023.

Naglaman ng mga karaniwan at bagong mga proyekto ang VMW ngayong taon gaya ng: **Mr. at Ms. DLSZ, B4TCH BATTLES, Cheerdance Competition, Modern Dance Competition, Thrift Flip, E-games,** at ang pinakainabangang **ICONS 2023**.

Sayawan at kantahan sa iba't ibang estilo ang ipinakita ng mga guro at kawani ng paaralan sa kanilang pagtatanghal sa ICONS 2023 na may temang **"Balwarte Kwarenta'y Singko, Yakap sa Yapak"** na nagpaigting sa hiyawan at kantyawan ng mga mag-aaral na nasa bulwagan. Hinaluan din ng konsepto ng pag-ahon mula sa pandemya ang kabuuang presentasyon kung kaya't nagkaroon ng mga repleksiyon sa nakaraan ang bawat mag-aaral.

Narito naman ang mga nagwagi sa mga ginaganap na kompetisyon:

Mr. DLSZ 2023
Russel Montero mula sa Batch 2024 ***(Kampeon)***

B4TCH BATTLES
1st Game: BLINDFOLD MAZE
3rd: Batch 2024 (G12)
2nd: Batch 2028 (G8)
1st: Batch 2027 (G9)

2nd Game: RELAY
Winner: Batch 2026 (G10)

3rd Game: CAPTURE THE FLAG
Winner: Batch 2026 (G10)

4th Game: TAG YOUR FLAG
Winner: Batch 2025 (G11)

5th Game: QUIZBATCH
Winner: Batch 2024 (G12)

Cheerdance Competition
3rd Place: BRafeNHS Senior Cheerdance Team

Modern Dance Competition
3rd Place: BRafeNHS Junior Dance Crew

Thrift Flip
[Solo Category]
2nd Place: Jhemalyn Figueras
1st Place: Sophia Arciaga
[Trio Category]

▶ ITULOY SA PAHINA 5

CONT'D DLSZ, IPINAG-DIWANG ANG SAPIRONG TAON VISION-MISSION WEEK

ISINULAT NI
Franchezka Huelgas at Era Mantilla

[...] 2nd Place: Emjay Mercado & Rishona Baita & Althea Rivad

1st Place: Chirztheen Joble & Estelle Flores & Kelsey Carandan

Egames

Semi-Finals (Best of 3)

[Mobile Legends]

1st Game: Rj Pogi vs. ICTeletubbies

Winner: Rj Pogi

2nd Game: Kislap vs. NPC (DHS)

Winner: NPC (DHS)

[Call of Duty Mobile]

1st game: Hydra Esports vs. Evolution (DHS)

Winner: Evolution (DHS)

2nd game: Alagad ni Carlito vs. Conkean (DHS)

Winner: Alagad ni Carlito

Finals (Best of 5)

[Mobile Legends]

RJ Pogi vs. NPC (DHS)

Rounds 1-3 Winner: RJ Pogi

Champion: RJ Pogi

[Call of Duty Mobile]

Alagad ni Carlito vs. Evolution (DHS)

Rounds 1-3 Winner: Evolution (DHS)

Champion: Evolution (DHS)

Nagtagumpay ang komunidad ng BRafeNHS sa pagpapamalas ng kanilang natatanging mga talento at kakayahan sa nagdaang mga proyekto at patimpalak. Nagtapos ang masayang pagdiriwang ng Vision-Mission Week sa isang makabuluhan at hindi makalilimutang karanasan matapos ang ilang taong pagsuspinde sa paglunsad dito nang *full face-to-face.*

MGA MAG-AARAL MULA SA IKA-8 BAITANG NG BRAFENHS, PASADO BILANG MICROSOFT OFFICE SPECIALISTS!

ISINULAT NI
Era Mantilla

Ang mga mag-aaral ng BRafeNHS mula sa baitang 8 ay pumasa bilang Microsoft Office Specialists sa nagdaang Microsoft Office Specialist Certification - Word na naganap sa loob ng Computer Laboratory ng paaralang De La Salle Santiago Zobel (DLSZ) noong Setyembre 27, 2023.

Bago makamit ang nasabing sertipikasyon, dumaan ang mga mag-aaral sa baitang 8 sa mga pagsasanay bilang paghahanda sa pinal na pagsusulit. Ang pagsasanay at pagsusulit na ito ay naglalayong palawigin at hasain ang kakayahan ng mga estudyante sa paggawa ng iba't ibang dokumento/proyekto gamit ang Microsoft. *"Every Wednesday there is allotted time so para sa akin na [laging dumadalo] doon [nakakamit] ko yung goal ko kasi na m-maximize ko yung [oras]. The experience was [overall] enjoyable po"* pagbabahagi ni Zarren De Sena, isang kalahok mula sa 8M.

Ito ay isang oportunidad para sa mga mag-aaral upang magkaroon ng karanasan at makakamit ng tagumpay na makatutulong sa kanilang pagtuntong sa Senior High School, at kalauna'y sa kolehiyo. *"[...] 'pag papasok na po ng university mas madali po kasi (kapag) ite-take pa po 'tong exam na 'to sa future, may bayad na po, so ngayon po libre lang po yung training, yung exam"* saad ni Chayenne Escobel (8N). *"[...] sobra pong nakatutulong kasi libre po and I'm actually aiming to [get in a certain] university in the future."* dagdag pa niya.

MGA ATLETA NG DLSZ, IBINIDA SA PEP RALLY

ISINULAT NI
Vince Gonzaga

Isinagawa ng DLSZ ang PEP Rally kasabay ng pagdiriwang ng paaralan ng 45th Anniversary Kick-Off nito noong Oktubre 12, 2023 sa Sylvia P. Lina Theatre (SPLT) na idinaos sa pamamagitan ng full face-to-face sa unang pagkakataon ngayong taong panuruan.

Ang mga mag-aaral ng DLSZ, kasama ang mga estudyante mula sa BRafeNHS ay nakiisa sa sa selebrasyon sa pamamagitan ng paggawa ng *flags* na kani-kanilang nilagyan ng disenyo alinsunod sa *institutional theme* ng paaralan na "Lasallian Leaders: Be the Spark".

Bilang bahagi ng PEP Rally, ipinakilala ang mga atleta ng paaralan sa pamamagitan ng pagpaparada ng mga ito sa Sports Pavilion at SPLT. Ang parada ay nagsimula sa mga atleta ng **Athletics Track and Field** na sinundan ng **Badminton, Basketball, Judo, Fencing, Table Tennis, Volleyball,** at **Women's Basketball.**


KUHA NI: RIAM SANTIAGO

Mga estudyanteng-atleta sa Pep Rally noong ika-12 ng Oktubre, 2023, sa Sports Pavilion.

"Noong nakita ko 'yung athletes, I was amazed and happy to see them. They're really willing to put in efforts for the sake of our school's name. Their passion for being an athlete inspired me to keep going and always choose the right pathway." batid ni Alexis Antivola, mag-aaral mula sa 7M.

"I feel grateful and blessed with my team dahil marami ang sumusuporta na mga guro, [mga] kapwa namin estudyante, at iba pa [...]. Mas nagiging positibo at motivated kami sa pagte-training at pag-aaral lalong-lalo na kapag may laban; mas ginaganahan kami makipag-compete with other athletes at sa bawat achievement namin na nakakamit, kasama kayong mga sumusuporta [sa amin]." ani ni Jetronaz Panti, isa sa mga atleta ng *Athletics Track-and-Field.*

Tunay na dinadala ng ating mga atleta ang pangalan ng paaralan– nagsisikap sila sa pagsasanay upang marepresenta ang paaralan sa iba't ibang paligsahan. Isa sila, kasama ang mga atleta ng BRafeNHS, sa "mukha" ng DLSZ. Patuloy natin silang suportahan upang patuloy silang magsikap.

Animo La Salle!



GINUHIT NI: ALEJANDRO BARGO

WALANG KATAPUSANG 'BAYANIHAN'

ISINULAT NI
Beatrice Carag

Sa panahon ng mga sakuna, kay dalas at kay daling sabihin na kaya nating lagpasan ang kahit anong sakuna dahil tayo'y Pilipino; matatag ang ating pagkatao at alas natin ang pagtutulungan. Kung tayo'y magbabalik-tanaw sa taong 2020, sunod-sunod na sakunang hindi lamang likas, ngunit pati na rin isang pandemya ang nagkulong sa atin at nagbago ng takbo ng ating mga buhay. Iilan lamang ito sa mga ganap kung saan naiwan ang mga tao upang magsariling sikap, sariling tiyaga, at manatiling matatag. Hindi ba nakakasawang makita at pakinggan ang pagtatapal ng kulturang bayanihan sa kawalan ng kahandaan?

Mapa-bagyo, baha, lindol, o kung ano man, hindi na bago sa Pilipinas ang taon-taon na sakunang nararanasan nito. Masasabing sanay na ang mga Pinoy sa mga bagay na ito, at dahil dito, mas dumadali at dumadalas ang pagsasabi na kaya ng mga mamamayan ang lahat, basta't nagsasama-sama, nagtutulong-tulungan, o sa maikling salita, nagbabayanihan. Ipinakita ng isang ulat mula sa Department of Budget and Management na malaki ang budget ng bansa para sa disaster risk reduction and management ngunit hindi pa rin sapat ang nakikita at nararamdamang epekto at tulong nito sa taong bayan sa panahong kinakailangan at hindi inaasahan.

Ang pagbabalik-tanaw sa bagyong Ulysses at bagyong Rolly na dumaan sa bansa ay iilan lamang sa mga pagkakataon kung saan makikita ang kakulangan at kahinaan ng mga disaster management system ng iilang LGU. Libo-libong mga residente sa Metro Manila, Bicol, Cagayan Valley, at Calabarzon ang nagsiksikan sa kanilang mga bubong nang umabot sa kisame ng kanilang mga bahay ang tubig-baha.

Isa ring halimbawa ang bagyong Yolanda noong Nobyembre taong 2013 na isa sa pinakamalakas na *tropical cyclone* na naitala sa bansa kung saan ang putol-putol at naantalang pagtugon ay naglantad sa mga kahinaan sa disaster management system at nagdulot ng malaking kapahamakan ng mga nasalanta nito.

Madalas mang banggitin ng pamahalaan ang iba't ibang programang nakabatay sa komunidad, hindi pa rin masasabi na natutulungan at naabot ang lahat ng taong bayan ang alinsunod na serbisyo at bisa nito. Dahil dito, masasabing nanatiling alanganin at kaduda-duda kung saan napupunta ang *calamity funds* na inilalaan ng gobyerno na nagkakahalaga ng 20 milyong piso noong taong 2022. Pinuna ni Sen. Ramon Bong Revilla, Jr. sa isang *press release* kasama ang mga opisyal sa the Department of Public Works and Highways (DPWH) and the Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) ang patuloy at nananatiling kahinaan ng mga apektadong lugar sa pagbaha at pagguho ng lupa, na nagpapakita ng kakulangan ng komprehensibong pagpaplano at napapanatiling solusyon para sa mga lapitin ng panganib.

Para sa Pilipinas na taon-taong sinasalanta ng mga sakuna dahil sa heograpikal na katangian nito, hindi sapat ang katatagan at bayanihan ng mga Pilipino upang lagpasan ang mga kalamidad na ito—lalo na ang mga hindi inaasahan. Kaya ating muling silipin at balikan kung ano nga ba ang plano ng gobyerno upang ipatupad at patatagin ang mga programa ng Disaster Response Management Bureau (DRMB) tulad ng *Humanitarian Relief Assistance, Emergency Shelter Assistance* (ESA), *Core Shelter Assistance Program* (CSAP), at iba pa para sa disaster management system. Hindi sapat ang pagsasabi na "mayroon" sa usaping plano; bilang mga mamamayan, nararapat na nakikiisa tayo sa gobyerno sa pamamagitan ng paghingi ng pananagutan sa kanilang mga kilos bilang mga pinuno ng isang bansa.

Tigilan na natin ang pagromansa sa katatagan ng ating mga kababayan. Walang kaduda-duda na matatag ang mga mamamayang Pilipino— ngunit ang seguridad at kapakanan ng bansa, lalo na sa mga likas na panganib na hindi kontrolado ninuman ay hindi lamang nakatuon sa katatagan ng mga mamamayan nito. Panahon na upang ating iangat ang ating pamantayan, sapagkat hindi nararapat na ang taong bayan ang patuloy na nagbubuhat ng sariling bigat na dala ng mga sakuna na nararanasan ng bansa.


SANGGUNIAN:

ABS-CBN News. (2020b, November 25). Poe: Stop romanticizing Filipino resilience in aftermath of calamities. ABS-CBN News. https://news.abs-cbn.com/news/11/26/20/poe-stop-romanticizing-filipino-resilience-in-aftermath-of-calamities

DISRUPTION-RESILIENT AP-PROACH SA PAGKATUTONG MULTIMODAL: WALANG PALYA O PUNO NG ABERYA?

ISINULAT NI
Mark Christopher Malabana

GINUHIT NI: NICOLE AUDREI RILLES



Sa patuloy na pag-unlad ng larangan ng edukasyon, tinanggap ng De La Salle Santiago Zobel School (DLSZ) ang *disruptive resiliency* bilang isang estratehiya upang maayos na makalipat mula sa *face-to-face* (F2F) patungo sa online learning sa oras ng pagsulpot ng mga pagsubok tulad ng *transport strikes*. Ang proaktibong pamamaraang ito, bagama't pinupuri, ay nagdulot ng ilang hamon para sa mga mag-aaral, lalo na sa mga mag-aaral ng BRafeNHS, na nagbibigay-diin sa pangangailangan ng isang mas inklusibong *learning environment.*

Ang biglaang paglipat mula sa tradisyonal na silid-aralan patungo sa online modalities ay nagdulot ng bagong isyu na kinakailangang harapin ng mga mag-aaral, guro, at mga magulang. Isa sa mga isyung ito ay ang checklist mentality, kung saan ang mga mag-aaral ay nakatuon na lamang sa pagtatapos ng gawain sa halip na unawain ito nang maayos. Ang iba't ibang sitwasyon sa tahanan ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Bukod dito, ang mas mabagal na takbo ng online learning kumpara sa face-to-face na pag-aaral, kasabay ng pagdami ng gawain ay nagdadala ng malaking hamon. Dagdag pa ang isyu ng limitadong koneksyon sa internet, kung saan may ilang mag-aaral na may problema o di kaya'y wala talagang akses sa Wi-Fi; nagpapalala sa pagkakaiba-iba ng karanasan sa pag-aaral.

Sa layuning harapin ang mga hamong ito, ipinatupad ng DLSZ ang isang Data/Load Funding System, kilala bilang BRafeNHS ODL Internet Allowance. Layon ng programang ito ang suportahan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong hinggil sa mga hamon ng pagkonek sa internet sa panahon ng pag-aaral *online*. Sa pamamagitan ng mga Homeroom advisers, natutukoy ng paaralan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong, at ang isang bahagi ng mga pakatakaran ay nagtataguyod ng *transparency* at katarungan sa pagpili ng mga tatanggap ng tulong. Ang mekanismo ng pamamahagi ng tulong pangpinansiyal ay ginagamit ang *online banking application* na GCash, na nagbibigay ng mabilis at epektibong proseso. Ang mga tugon mula sa mga benepisyaryo ay kinokolekta sa pamamagitan ng *email*, na nagaambag ng mahahalagang kaalaman sa epekto ng programa sa pagganap at pakikilahok ng mga mag-aaral.

Ang kasanayan ng mag-aaral sa silid-aralan, sa presensya kanilang guro, sa kasama nilang mga kaklase, ay may kaakibat na epekto sa kanyang siholohikal na kalagayan. Ngayong hindi na niya kasama ang kanilang mga kaklase, nawawalan sila ng ganang matuto; tuwing magkakaroon sila ng problema sa aralin, mas mabigat ang tama nito sa loob nila dahil wala na ang garantiyang binibigay ng isang guro na iyong kasama. Dagdag pa dito na nasa bahay sila, kung saan sila kampante at namamahinga; ang nangyayari tuloy ay napapalagay sila tuwing nagkakaroon ng ganitong problema pero malimit nilang nilulutas. *"Nasa bahay lang din naman ako, madami pa 'kong oras, tsaka ko na yan poproblemahin,"* ganito ang madalas mangyari.

Kung kaya't napakahalaga na lang ng pamilya o tagapangalaga ng mga mag-aaral sa pagsasapatupad ng disruptive resiliency sa pamayanan. Sila ang tatayong kinatawan ng mga guro sa pagsuporta at pag-alalay sa kanilang mga anak sa panibagong paraan ng kanilang pagkatuto. Kinikilala ito ng paaralan, kung kaya naman ginagawa nila ang lahat para matulungan ang mga magulang at tagapangalaga na suportahan ang mga mag-aaral. Mula sa mga oryentasyon kung paano suportahan ang mga mag-aaral, hindi lamang sa kanilang mga aralin kundi pati na rin sa mga siholohikal at pisikal na pangangailangan; hanggang sa mga panuto't rekomendasyon sa kung papaano buoin ang pinakaangkop na kapaligiran sa tahanan upang masanay ang mga mag-aaral sa kanilang panibagong modalidad.

Ngayong nabanggit ang mga siholohikal na pangangailangan, dito na pumapasok ang mismong *ODL setup*. Ang synchronous sessions ay naglalayong gayahin ang pakiramdam ng isang silid-aralan, sa halip ng distansyang buhat ng mga limitasyon sa totoong buhay. Sa loob ng online classrooms, nabibigyan ng oportunidad na makipag-ugnayang muli ang mga magkakaklase at ang mga guro. Na-eengganyong muli matuto ang mga mag-aaral dahil kita nila, rinig nila, na mayroon silang kasama sa kanilang ginagawa. Napakalaking tulong sa kanilang emosyonal na mentalidad na nararamdaman nila ang presensiya ng ibang taong malapit sa kanila. May mga nakalaan ding paraan at oras na pinamahagi ang mga guro kung saan pa puwede magtanong o sumangguni sa kanila ang mga mag-aaral. Gayundin sa ibang mga tauhan ng paaralan tulad ng mga coordinator, counselor, atbp.

Sa pagwawakas, ang *disruptive resiliency* na ipinatupad ng DLSZ, ay naglalarawan ng isang kapuri-puring pagsisikap upang tiyakin na inklusibo ang pag-aaral para sa lahat ng mag-aaral nito. Ang pagsusuri sa mga natuklasang hamon at pagpapahusay sa suporta– sa tulong ng mga magulang at komunidad, ay higit na magbibigay-lakas sa pangako ng paaralan na magbigay ng de-kalidad na edukasyon sa harap ng mga pagsubok.

Ngunit sa kabila ng mga hakbang na ito, hindi ba't ang tunay na tanong ay hindi kung mayroong mga hakbang na ginagawa, kundi kung gaano kalawak ang epekto ng mga ito? Gaano kalalim ang pag-unawa ng paaralan sa mga isyu at pangangailangan ng mga mag-aaral sa panahon ng pagbabago? Sa kabilang dako, gaano kahanda ang mga mag-aaral na harapin ang mga patuloy na hamon ng bagong modality? Sa pagbubukas ng ating isipan sa mga tanong na ito, mahahanap natin ang mga susunod na hakbang patungo sa tunay na pagkatuto sa panahon ng pagbabago. Nalalapit na'ng paghuhusga; **Disruption-Resilient Approach sa Pagkatutong Multimodal—**

Walang palya o puno ng aberya?

SANGGUNIAN:

Haffejee, S., Vostanis, P., O'Reilly, M., Law, E. L., Eruyar, Ş., Fleury, J., Hassan, S., & Getanda, E. M. (2022). Disruptions, adjustments and hopes: The impact of the COVID-19 pandemic on child well-being in five Majority World Countries. Children & Society, 37(1), 8–28. https://doi.org/10.1111/chso.12563

Pandemic disruption to learning is an opportunity to reimagine, revitalize education. (2021, January 27). UN News. https://news.un.org/en/story/2021/01/1082792

The impact of the COVID-19 pandemic on education: international evidence from the Responses to Educational Disruption Survey (REDS) - World. (2022, March 15). ReliefWeb. https://reliefweb.int/report/world/impact-covid-19-pandemic-education-international-evidence-responses-educational

"TURO NANG TURO BAKA KA MANUNO!"

ISINULAT NI
Viann Aishlee Guarico

Sa paglipas ng botohan, palapit nang palapit ang araw ng pasko kasama ang ingay ng mga nangangaroling at ugong ng reklamo't kalam ng sikmura ng bayan. Sunod-sunod ang maiinit na harapan ng mga katawan ng mga minoryang grupo na 'di umano'y naagrabyado sa iba't ibang polisiyang pinapasa ng administrasyon. Ang bigat ng kapangyarihan ba na dala ng kanilang boto'y nagagamit sa tama o napupunta sa sarili nilang sintensiya?

Ayon sa National Economic Development Authorities (NEDA), tumaas ng 5.9% ang Gross Domestic Product (GDP) ng bansa na nagpapakita umano ng pagbawi mula sa mabagal na paglago nito mula Hulyo hanggang Setyembre taong 2023. Ayon pa kay NEDA Secretary Arsenio Balisacan ay malaki ang ambag sa pagtaas ng GDP ang paggasta ng pamahalaan para sa bayan o government expenditures at *government fixed capital formatio*n o mga bagong kapital na nakuha ng pamahalaan sa Quarter 3 ng taon. Sa kabila nito ay nananatiling misteryo kung ramdam ba ng mga Pilipino ang kaunlarang ito lalo na at nananatiling hamon ang implasyon sa presyo ng bilihin, pamasahe, at gasolina.

Sa isang *survey* na inilunsad ng OCTA Research, kita ang pagbaba ng pagtingin ng masa sa pagpapaunlad ng pamahalaan sa mga mahalagang sektor ng bansa gaya ng sa pagbibigay ng kalidad na edukasyon na bumaba ng 10% (mula 80% hanggang 70%), pagkalinga sa karapatang pantao na bumaba ng 13% (mula 75% hanggang 62%), pagsulong ng kapayapaan na bumaba ng 14% (mula 73% hanggang 59%), at pagpapabuti sa relasyong panlabas na bumaba ng 10% (mula 73% hanggang 63%).

Sisi ng bayan ay nasa taas ngunit para sa isang bansang nasa ilalim ng demokrasya gaya ng Pilipinas, babalik at babalik sa kanila ang sisi matapos nilang magpaupo at pumili ng mga pinunong walang karanasan at kaalaman sa kailangan ng bayan. Ang karapatang bumoto ay isang kakayahan na alam ng bayan na may kapangyarihang baguhin ang buhay ng milyong kababayan na nasa loob at labas ng bansa.

Ang desisyon ng isang indibidwal ay madalas na hindi nakikita bilang sapat na panimula sa pagbabago ngunit kung pare-pareho ang kibot ng isip ng bawat isa'y kailan pa uunlad ang bansa. Sa darating na taong 2025 ay hahatulan ng bayan ang mga senador kung karapat-dapat bang maihalal muli para sa senado, nawa'y kilalanin at alamin ang mga nagawa't ambag ng ihahalal na pinuno nang sagayo'y walang turo nang turo dahil sa huli ay lahat tayo ang nanununo.

MATATAG O MATAGTAG?



ISINULAT NI
Mark Christopher Malabana

Isang makasaysayang kilos ang paglunsad ng Department of Education (DepEd) sa pamumuno ni Bise Presidente Sara Z. Duterte, ng MATATAG Curriculum– isang komprehensibong rebisyon ng pang-edukasyong kurikulum na naglalayong paunlarin ang direksiyon ng edukasyon sa Pilipinas. Ang inisyatibang ito na inilunsad noong Agosto 10, 2023 matapos ang isang masinsing pagsusuri na umabot ng apat na taon (Bacelonia, 2023). Ang pangunahing tanong ngayon ay: Ang MATATAG Curriculum ba ay tunay na tanglaw ng positibong pagbabago na desperadong kinakailangan ng edukasyon sa Pilipinas?

Ang K to 12 Kurikulum ay isang programa na ipinatupad simula pa noong taong panuruang 2012-2013. Matagal nang kinukuwestiyon ng mga kritiko ang sobra-sobrang nilalaman nito at labis na dami ng mga kasanayan na nagiging pabigat sa mga guro at mag-aaral (Malipot, 2023). Sa sobrang dami ng mga kompetensi na kinakailangang mahubog sa mga mag-aaral, natatabunan na lamang sila; nai-istress, nababalisa, at nawawalan ng gana sa kanilang pagkatuto. Kadalasan ay hambaw na pagkakaintindi lamang ang nabubuo ng mga estudyante; buhat ng kakulangan sa oras na kinakailangan upang mailapat ng maayos ang kanilang mga napag-aralan.

Mayroong higit-kumulang sampung buwan sa loob ng isang taong panuruan. Kung iyong titingnan ang Most Essential Learning Competencies ng K-12 ayon sa DEPED; sa Kinder pa lamang, mayroon nang pitumpung kompetensi na kailangang malinang sa mga estudyante(oo, binilang ko). Sa *grade 1*, mayroong 110 na kompetensi; 22 sa *English*, 49 sa Filipino, at 39 sa Mathematics. Sa *Grade 2* 144; sa *grade 3* 161. Maaari nating masabi na itong mga naunang baitang na ito ang pinaka-importanteng hakbang sa edukasyon; dito nabubuo ang matibay na pundasyong kinakailangan sa hinaharap na edukasyon ng bata. Kahit papaano, ayon ang dapat na mangyari; pero sa kasamaangpalad, makikita namang hindi alinsunod ang plano. Sa sobrang daming kompetensi na gustong mabuo ng K-12, kulang sa laman ang mga "nabubuong" pundasyon ng mga bata— butas-butas.

Dahil kulang-kulang na nga sa oras, dagdag pa kagamitan sa pagtutura at kasanayan ng mga guro; napipilitan silang tutukan sa mga aralin na mas maaaring lumabas sa mga pagsusulit. Buhat nito, halos wala nang oras para sa mga aktibidad na nagpapayaman sa iba pang aspeto ng bata tulad ng pisikal na edukasyon, musika, sining, atbp na siyang kinakailangan para sa kabuoang pag-unlad ng mag-aaral. At ngayong nabanggit ko na nga yan; dahil natataranta at naghahabol ang mga estudyante ay nakatutok lang ang kanilang isip sa pagtapos ng kasalukuyang aralin para masimulan ang susunod. Nagkakaroon sila ***[...]***

▶ITULOY SA PAHINA 11

WHO U ME? YOUR BEASTIE!

OCULUS

LEVEL: 5




ELECTRO Fighter

Short Description: Si Oculus ay matapang at tapat sa mga tuntunin pagdating sa larangan ng kaniyang trabaho. Bukod pa rito, siya rin ay tapat at handang tumulong anumang sitwasyon, para sa mga kaibigan.

Strengths: Matalas na memorya ukol sa nakikita ng mga mata at. Siya rin ay nagtataglay ng katapatan
Weaknesses: Sensitibo

ROCKY

LEVEL: 4



GEO Support

Short Description: Si Rocky ay kayang mapag-isa; siya ay matibay, matapang at walang masyadong inaalala. Kaya niyang makisabay sa lahat ng kaniyang nakasasalamuha.

Strengths: Malakas na manlalakbay at ginagamit ang kaniyang liit sa kaniyang kalamangan
Weaknesses: Iyakin at madaling malinlang

PROCIONE

LEVEL: 3



GEO Marksman

Short Description:
Si Procione ay talaga namang mapagbiro at pilyo kaya't mailalarawan ito bilang isang masiyahin na nilalang at simbolo ng magandang kapalaran.

Strengths: Katibayan at kagalingan sa paggawa gamit ang kamay
Weakness: May pagkakataong wala sa sarili

INUYASHI

LEVEL: 3



GEO Support

Short Description: Lubos na palakaibigan si Inuyashi kaya't malapit siya sa kanyang mga nakasasalamuha. Nagtataglay siya ng malakas na depensa lalo na para sa taong malapit sa kaniya.

Strengths: Malakas ang depensa at tapat na kaibigan
Weaknesses: Sensitibo sa kaniyang paligid.

KOHAKU

LEVEL: 3



HYDRO Healer

Short Description: Para kay Kohaku, madaling makipagsalamuha at makipagkaibigan sa kahit sinuman. Dahil sa kaniyang masiyahing katangian, kaya niyang pamunuan ang mga ito sa pamamagitan ng katapangan at sigasig. Sa kaniyang optimistikong pamumuno, maabot nito ang matagumpay na kinabukasan.

Strengths: Masagana, may mahabang pasensiya, at mahusay na pinuno.
Weaknesses: Mahina at madaling saktan ng anuman at sinuman

VIDRA

LEVEL: 4




HYDRO Support

Short Description: Isang palakaibigan at optimistikong nilalang si Vidra kaya't likas sa kanya ang pagiging madaldal. Mahusay siyang makipagsalamuha at mahilig magbigay inspirasyon at motibasyon sa iba.

Strengths: Palakaibigan at masigasig
Weaknesses: Agresibo at mapagmalabis

LEOGOUS

LEVEL: 5




GEO Assassin

Short Description: Si Leogous ay nagtataglay ng kakaibang lakas dulot ng matitikas na katangiang pisikal nito. Gayunpaman, nararapat tiyakin na makaiwas sa anumang maaaring sumaklaw sa galit nito dulot ng hindi mapigilang poot na posibleng maganap.

Strengths: Matikas na pangangatawan at mapagkakatiwalaan
Weaknesses: hindi palakaibigan at makasarili

MADDOX

LEVEL: 5



GEO Assassin

Short Description: Si Maddox ay matapang at makamandag. Gising na gising ang kaniyang diwa tuwing gabi. Siya rin ay nagtataglay ng masungit na awra na sanhi ng takot ng iba sa kaniya.

Strengths: Mayroong makamandag na lason at oportunista
Weaknesses: Hindi kayang kumilos kaagad at maikli ang pasensya

HARU

LEVEL: 3



ANEMO Healer

Short Description: Si Haru ay masigla at palaging handa sa lahat ng klase ng kahirapan, partikular sa larangang medikal. Siya'y mayroong angkop na kagamitan upang tulungan ang sinumang nangangailangan.

Strengths: Lubos na matalino at palakaibigan
Weaknesses: Mahina ang pangangatawan

HUNTER

LEVEL: 4



ANEMO Fighter

Short Description: Si Hunter ay isang raptor na kayang tumayo mag-isa at mayroong tiyak na antas ng pagiging alerto. Mayroon din siyang pakpak na pumapagaspas nang mabilis. Ang kaniyang matulis at may pagkamatalim na tuka ay nagpapakita ng kaniyang matapang na pagkatao.

Strengths: Pokus at determinado
Weaknesses: Kahawig ng Hawks at malungkutin

TOORU

LEVEL: 5



PYRO Fighter

Short Description: Malakas ang tiwala ni Tooru sa kaniyang sarili at talaga namang matiyaga sa kaniyang ginagawa. Makikitaan din siya ng kaakit-akit na pagkatao pagdating sa pakikipagsalamuha sa kanyang kapwa.

Strengths: Mahabang pasensya at malakas na pangangatawan
Weaknesses: Malabo ang paningin at pasaway

KALI

LEVEL: 3



DENDRO Support

Short Description: Si Kali ay mapangahas at agresibo sa kabila ng maliit at malambot niyang pangangatawan. Kaniyang hinahabol ang mga biktima bilang taktika.

Strengths: Agresibo at sikat
Weaknesses: Mahilig mag-imbak hindi makapagdesisyon nang mabilis

CELERO

LEVEL: 4



DENDRO Support

Short Description: Si Celero ay likas na matikas pagdating sa pagbibigay-paraan upang maihatid ang kasamahan sa kaligtasan. Siya'y handa't walang kupas sa anumang balakid na maaaring daanan.

Strengths: Malakas at matagal maubos ang enerhiya. Siya rin ay mabilis
Weaknesses: Mapilit kapag may ninanais

DRACO

LEVEL: 5



DENDRO Assassin

Short Description: Misteryoso ang dating ni Draco para sa iba kaya't natatakot sila sa kanyang presensya. Ngunit, kaya naman niyang makisabay sa mga nakapaligid sa kaniya.

Strengths: May makamandag na lason at magaling sa obserbasyon
Weaknesses: Matapang ang pang-amoy

ARCHIE

LEVEL: 4



PYRO Marksman

Short description: Tahimik pero mabangis si Archie. Hindi niya hilig ang pakikipaghalubilo sa iba, ngunit higit siyang mapagmasid sa kaniyang paligid.

Strengths: Magaan at mabilis ang paggalaw

Weaknesses: Malabo ang paningin lalo na pag natatamaan ng sinag ng araw

RAKKI

LEVEL: 2



ELECTRO Healer

Short description: Si Rakki ay magaling gumawa ng paraan upang maging ligtas sa bawat oras. Mahilig din siyang humanap ng mga lugar kung saan ay nakikita niyang hindi siya mapapahamak.

Strengths: Mahusay sa pagiging ligtas.
Weaknesses: Laging nakakatulog lalo na sa mga panahong taglamig

CONT'D MATATAG O MATAGTAG?

ISINULAT NI
Mark Christopher Malabana

[...] ng tunnel vision at checklist mentality; imbes na mahubog nila ang kanilang creativity, ang nakakulong ang kanilang paraan ng pag-iisip at sinusundan lamang ang daang inilatag sa harap nila.

Bilang mga pilipino, laganap sa kultura naten ang bigat ng pangarap ng mga magulang naten na magkaroon tayo ng magandang kinabukasan. Halos, kung hindi lahat sa atin, ay alam ang pakiramdam na pinagdidiinan sa kanila ang mga gusto ng magulang. Siyempre hindi naman ito masama, gusto lang nila tayong suportahan para kayanin nating mabuhay sa ating pagtanda. Isyu nga lang, nakadadagdag yung bigat na to sa bigat na dinaranas ng mga bata kung kaya't kadalasan ay mas lalong natataranta at natatakot ang mga bata. Minsan pa ay ititgil nalang nila ang pag-aaral mismo; kase hindi na nila kaya, o di kaya'y mas nangingibabaw ang pangangailangan nilang tumulong sa pamumuhay ng kanilang pamilya. Mahirap din namang sisihin ang mga guro dahil hindi naman nila kasalanan na sobrang bigat ng kurikulum at kulang yung oras para sa makabuluhang pagtuturo.

Kung kaya naman gusto itong baguhin ng DEPED, mula K-12 patungo sa MATATAG Kurikulum na siyang tumutugon sa mga hamon at pagkukulang ng nakaraang kurikulum. Nangako ito na aalisin ang mga alalahanin na ito sa pamamagitan ng pagbabawas ng kahindik-hindik na 70 porsiyento ng mga kasanayan. Sa ganitong paraan ay magkakaroon ng sapat na oras ang guro upang tutukan at hubugin ang mga kasanayang magsisilbing pundasyon ng isang mag-aaral. Nais nilang itaguyod ang isang kapaligiran ng pag-aaral na nagbibigay priyoridad sa mga pundamental na kasanayan (Cabato, 2023).

Sa K-10 mayroon tayong pitong learning areas; Mother Tongue, Filipino, English, Mathematics, Araling Panlipunan, MAPEH (Music, Arts, Physical Education, and Health) at Edukasyon sa Pagpapakatao. Sa panibagong Kurikulum, babawasan ito mula pito hanggang lima; Language, Reading and Literacy, Math, Makabansa, at Good Manners and Right Conduct. *"Grade 1 students will be studying standalone 'Language' and 'Reading and Literacy' subjects connected to developing good literacy skills needed in learning other subjects,"* paliwanag ni Jocelyn Andaya; direktor ng *Bureau of Curriculum and Development* ng DepEd. Ang dalawang asignatura na ito ay magiging English at Filipino sa ikalawang baitang. Pagtungtong ng estudyante sa pangatlong baitang, tsaka idadagdag ang agham. Mula ika-4 hanggang ika-6 na baitang, idadagdag ang ibang mga asignatura tulad ng *Technology and Livelihood Education* (TLE), MAPEH, at GMRC na pinangalanang *Values Education.*

Ang pagpapatupad ng MATATAG Kurikulum ay magsisimula sa Kindergarten na susundan naman ng mga mas mataas na baitang sa mga susunod na taong panuruan (Malipot, 2023). Ang yugto-yugtong paglulunsad ng kurikulim ay naglalarawan ng isang makatwirang istratehiya, na nagbibigay daan sa patuloy na pag-unlad batay sa *feedback* o tugon at naging karanasan ng mga mag-aaral at guro. Sa pamamagitan nito ay mas nabibigyang-daan ang pagkilala at pagsasaayos ng mga isyuo bago pa man ito lumaki; kung kaya't nalilimitahan ang panganib ng pagkabigo. Isa pang kagandahan ng yugto-yugtong pagpapatupad ay ang mga gastos ay pinaiigsi sa paglipas ng panahon; isang matinding pangangailangan kapag iyong isinaalang-alang ang mga pinansyal na limitasyon sa sektor ng edukasyon.

Sa kabuoan, ang MATATAG Kurikulum ay isang aktibong hakbang patungo sa pagbabago ng edukasyon sa Pilipinas. Ngunit hindi ibig sabihin nito ay dapat tayo maging kampante; dito na nagtatapos ang lahat, ayos na tayo sa edukasyon. Isa lamang itong hakbang, hindi ang wakas. Bagamat maganda siyang plano, ang tagumpay ng programang ito ay nakasalalay sa parin epektibong pagsasakatuparan nito; patuloy na pagsusuri at dedikasyon sa mga prinsipyo ng pagsasaliksik at pagiging bukas sa lahat. Sa pamamagitan nito at pagsasama ng iba't ibang pananaw mula sa publiko at mga nananagutan sa edukasyon; ang DepEd ay naglalatag ng landas na hindi lamang layuning bumuo ng mga mamamayang bihasa sa akademikong aspekto ngunit pati na rin ng mga mamamayang may mabuting asal at matatag na pagkatao. Sa pagtahak ng bansa sa bagong landas na ito, ang MATATAG Kurikulum ay may potensiyal na maging tulay tungo sa positibong pagbabago sa edukasyon sa Pilipinas.

SANGGUNIAN:

Acebuche, Y. (n.d.). DepEd rolls out "decongested" curriculum. Here's what you need to know about MATATAG K-10 Curriculum. Philstar Life. https://philstarlife.com/news-and-views/668754-explainer-matatag-k-10-curriculum?page=2

LUNTIANG BINHI
GUMAGAPAS SA PAGBASA, UMAANI SA PAGSULAT

Gng. Jazz Lendle Dy - Balota
Gurong Tagapayo

Kirsten Mary S. Ortiz
Tagapamahala ng Sirkulasyon

Maria Nizabela F. Limjoco
Punong Patnugot

Izyiah Princess E. Quibal
Nakatataas na Patnugot

Franchezka D. Huelgas
Kawaksing Patnugot (Filipino)

Kaela Tiffany E. Corral
Kawaksing Patnugot (Ingles)

Beatrice R. Carag
Patnugot sa Editoryal

Princess Jane B. Hermosa
Patnugot sa Balita

Joshane R. Cariño
Patnugot sa Lathalain

Zaira Jane D. Nankil
Patnugot sa Agham

Elyza Marie B. Verdido
Patnugot sa Isports

Pauline Francheska G. Arban
Patnugot sa Pananaliksik

Ashley Nicole Hisanan
Patnugot sa Panitikan

Lawrence Emmanuel C. Carlos
Punong Dibuhista

Jury S. Cabornay
Punong Dibuhista

Riam Jaye H. Santiago
Punong Retratista

Chirztheen Joy F. Joble
Punong Brodkaster

Journey Mae R. Potes
Punong Tagaanyo

Farhana Blessila A. Isla
Tagapamahalang Pang-media

ISTAP **EDITORYAL** Heart Ayaka L. Dela Cruz • Viann Aishlee L. Guarico • Mark Christopher Malabana **BALITA** Vince T. Gonzaga • Era B. Mantilla **LATHALAIN** Zhalimar Sicad **ISPORTS** Bianca Isabela Viado **DIBUHISTA** John Kyle R. Bediosas • Jaquilou O. Quiton • Nicole Audrei S. Rilles • Alejandro P. Bargo III **RETRATISTA** Keanna Marie S. Ortiz • Jumielle Maurice A. Zabala **AGHAM** Xylene Joyce F. Mariano • Cyrine Kaye De Alday **BRODKASTERS** Xing Hong P. Lin (Technical Director) • Cyrene Jennifer Pascua (Vocalist) • Alicia Cassandra Pura • Patricia Mae C. Maguila • Kiel Andrea B. Rosita • Miles C. Maguila **TAGAANYO** Francia L. Sese • Kennese Ross F. Manalang **PANITIKAN** Jamia Yvonne Rodriguez

TATAK PINOY

ISINULAT NI
Joshane Cariño

Kung magkakaroon ng pagkakataon, paano mo ipakikilala sa ibang tao ang bansa mo? Babanggitin mo ba ang mga artista, mga estrakturang kilala, o ang kayamanan ng Pilipinas sa kultura? O, napaisip ka no? Hindi ka nag-iisa dyan! Ngunit, mayroong mga mag-aaral na sa murang edad pa lamang ay malalim na ang karunungan sa kultura ng bansa. Kaya naman, tayo na't dumako upang matuklasan ang kanilang kaalaman!

Paano nga ba ipinakikita ng mga Lasalyano ang pagpapahalaga sa pagiging Pilipino? Saan pa ba, kundi sa Buwan ng Wika! Dito, hindi lamang ang pambansang wikang Filipino ang pinakikitaan ng pagkilala, kundi pati na rin ang tradisyon at kultura nating mga Pinoy. Kaya naman, talagang inklusibo tayo ngayong taon sa iba't-ibang kultura ng bansa na ipinahayag ng tema ng Buwan ng Wikang 'Filipino at mga Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaan, Seguridad, at Ingklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan.' At sa ating paaralan, tila ba mas lalong lumabas ang pagka-Makabansa ng mga mag-aaral sa tulong ng mga kompetisyon, pagtatanghal, at aktibidad na isinagawa sa araw ng pagdiriwang.

At mula sa mga kompetisyon, katangi-tangi ang Imago Filipino kung saan nagdisenyo ang mga mag-aaral mula sa baitang 7-12 ng kani-kanilang photobooth na angkop sa tema ng taon. Photobooth, yung kadalasa'y may tema ng kung anong uso, tapos magpi-picture kasama ng mga kaibigan mo, tama! Subali't dito, kulturang Filipino ang kanilang pinalitaw sa pamamagitan ng mga elementong tunay na may kaugnayan sa mayamang kultura ng Pilipinas. At sa patimpalak na ito, nanalo ang bungkos ng ika-9 na baitang na pinamunuan ni Jaymie Blair Balahadia.

"May mas malalim pang kahulugan ang booth naming." Bilang mga mag-aaral ng BRafeNHS, at bilang mga estudyante na malalim ang kaalaman sa kultura ng Pilipinas, nakatatak na sa kanila ang pagiging makabayan! Ang kasaysayan at ang kasaganaan ng bansa ang kanilang naging punong inspirasyon para sa proyekto. Bukod pa ay makikita sa disenyo nila ang mga kulay ng bandilang pula, asul, dilaw, at puti na para sa kanila ay nagrerepresenta ng


KUHA NI: JUMIELLE ZABALA

Ang pagtatanghal ng Luntiang Dagitab sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika na naganap sa Sylvia P. Lina Theatre (SPLT).

buhay na diwang Pilipino. Kanila ring pinakita ang pagkilala sa kultura ng mga katutubo sa paggamit ng mga habing disenyo tulad ng abaka sa kanilang booth. Talaga namang nabigyan nila ng mahalagang puwesto ang mga elementong sumisimbolo sa iba't-ibang kultura ng bansa sa disenyong kanilang binuo. Masasabi nating tunay na naipakita ng baitang-9 ang kanilang puso para sa bansa— tila ba'y isinisigaw ng kanilang proyekto ang ganda ng Pilipinas!

Siguradong hindi lamang ang mga bayaning Pilipino ang natuwa sa kanila, kundi pati na rin ang kanilang *'coach'* na si Ms. Julie Corpuz! Lubos nilang pinasasalamatan ang gurong tumulong at gumabay sa kanila tungo sa tagumpay. Hindi lamang ang tagumpay sa pagkamit ng karangalan sa kompetisyon, ngunit pati na rin sa mga kaalaman tungkol sa kultura ng bansa, upang tuluyan nilang mairepresenta ito sa kanilang booth. *"We can say that we dedicated our [win] to Miss [Juliana]."* ani Balahadia.

Bughaw, Pula, Puti, at Dilaw— mga simpleng kulay, tipong *primary colors* kung tawagin ng mga bata. Ang abakang importante sa bawat tahanan ngunit nakikita ng iba bilang banig na inuupuan lamang. Sa kabila ng lahat ng ito, sa mata at puso ng mga Pilipino ay may mas malaki itong kahulugan at siyang tunay na sumasagisag sa kung ano ang pagkakakilanlan nila, bilang mga mamamayang pinagmamalaki ang bayang sinilangan. ***"Pinoy ako, pinoy tayo".*** Ipakita at ipakilala sa buong mundo kung ano ang mga Pilipino, BRafeNHS!

ISA PRANK?!

ISINULAT NI
Zhalimar Sicad

Marunong ka bang maglaba? Kung ang sagot mo ay oo, marahil naituro din ng nanay mo saiyo na kailangan paghiwalay-hiwalayin ang puti sa de-kolor, tama? *"Anak, tayo na at maglaba, ihiwalay mo muna ang mga puti sa de kolor bago ka magsabon."* Naalala mo ba ang mga linyahang ganito ng nanay mo? *"Opo Nanay,"* sagot mo naman habang napapaisip kung bakit pareho lang naman ang proseso ng paglalaba. Ngunit sinusunod mo pa rin hindi dahil sa ayaw mo mapagalitan, kundi dahil gusto mo malaman ang kasagutan! Ganyan din ang kurikulum na ating kinasanayan, magkakahiwalay ang clusters ng JHS, SHS, Grade school, kinder at mga eskolar ng BRafeNHS na maihahalintulad sa magkakaibang kulay ng labahin na malamang ay iyong kinatatamarang gawin minsan. Uyyy, aminin na minsan ay *mineme k u s mekus* mo rin ang paglalaba lalo na kung pagod na galing eskwela. Pero seryoso, ba k i t kailanga n g paghiw a l a y hiwalayin ang bawat isa kung pwede namang sama-sama, di ba?


KUHA NI: RIAM SANTIAGO

Pagsasama ng mga estudyante ng Day High at BRafeNHS sa Sports Pavilion noong ika-20 ng Nobyembre, 2023 na ginanap sa Sports Pavilion.

Katulad ng pagbabagong ganap ng ating kurikulum, kung dati ay magkakahiwalay at kanya kanya ang kaganapan ng bawat clusters, ngayon ay may iisa at magkakasama na sa iisang kalendaryong sinusundan, at hinuhubog ng pantay pantay na naaayon sa estrukturang integrasyon. Sa pagbabagong ito, iisa ang tiyak, Ang mas mapabuti Ang Sistema at mapayabong ang karunungan ng bawat isa gamit ang mga makabagong pamamaraan na sya nating sinisimulan sa taong kasalukuyan.

Ang IS o Integrated *[...]*

▶ ITULOY SA PAHINA 14

HAWAK MO ANG IYONG KINABUKASAN

ISINULAT NI
Joshane Cariño

Handa ka na ba?

Bata pa lamang si Marie ay tinatanong na siya ng *"Anong gusto mong maging, paglaki?"* At sasagot naman siya ng okupasyong hango sa paboritong larangan o kaya nama'y naimpluwensyahan ng paboritong karakter sa palabas. Habang siya ay lumalaki at dumadaan ang elementarya't sekondaryang paaralan, pabago-bago ang kaniyang nais tahakin. Minsa'y gusto niya maging doktor, minsa'y pintor, at noong ika-10 na baitang ay abogado. Dumating na ang dulo ng hayskul at kailangan niya nang mag desisyon para sa kursong kukunin sa kolehiyo ngunit wala siyang mapili sapagkat hindi niya alam kung ano ang tunay niyang layunin sa buhay. Ano kaya ang maaaring ginawa ni Marie upang ihanda ang kaniyang sarili para sa kaniyang kinabukasan?



MULA KAY: PRINCESS JANE HERMOSA

Pagsalang ng Batch 2025 ng BRafeNHS sa DSHAPE, isang placement test ng De La Salle University (DLSU) para sa kanilang paghahanda sa kanilang paglalakbay sa kolehiyo.

Marahil ay naranasan mo rin ang naranasan ni Marie— 'di tiyak ang karerang susuongin pagdating ng panahon. Buti na lamang ay tinulungan at patuloy na tinutulungan ng ating paaralan ang mga estudyante upang magkaroon ng kalinawagan sa gusto nating pasukang trabaho pagkatapos ng kolehiyo. Sa pamamagitan ng DSHAPE; isang placement test kung saan ang mga mag-aaral mula sa BRafeNHS mula baitang 11 ay hinahanda para sa mga entance exam na magaganap sa mga unibersidad, ito ay nagsisilbing gabay upang mas maging tiyak ang kursong kukunin pagdating ng panahon.

At dahil dito, lubos ang pasasalamat ng isang mag-aaral na isa ring *student assistant* sapagkat binuksan nito ang kaniyang kakayahang mag-isip sa lohikal at kritikal na paraan, at makatutulong ito sa pagbibigay direksyon sa nais niyang suongin na karera. Sa katunayan, nagugustuhan niya ang maging flight attendant pagdating ng panahon sapagkat ito ang nahihiligan niya sa ngayon at dahil na rin sa maibibigay nitong oportunidad 'di lamang sa kaniya, kundi sa pamilya niya na rin. Bukod pa, ay malaking salik ang kaniyang pagiging student *assistant* dito sapagkat nahahasa ang kaniyang pagsasalita at kaalaman sa iba't-ibang kultura. Karagdagan pa ay mas natuto siyang makapag-adjust sa kailangan ng ibang tao, at siya ay naging mas mapag-obserba na magandang katangian ng isang *flight attendant*. Sa aspeto ng pinansyal, malaking tulong ang pagiging student assistant niya sapagkat hindi na siya humihingi ng baon mula sa kaniyang nanay na lubos na nakatutulong sa mga bayarin sa kanilang bahay. Lubos itong makakatulong upang makadagdag sa ipon na gagamitin para sa kaniyang pondong pang kolehiyo, sa kurso ng turismo. Sa madaling sabi, ito ang kaniyang pangarap na karera sapagkat dito niya maipapahayag ang silakbo ng kaniyang damdamin at dito niya nakikita ang kaniyang sarili pagkalipas ng madaming panahon.

Bagamat hayskul pa lamang ay hinuhulma na tayo ng mga guro at pang-akademikong mga gawain, hindi pa rin ito garantiya na makapipili ng tiyak na kurso ang isang mag-aaral pagdating ng kolehiyo. Ayon sa sarbey ng UST na pinamagatang "Changing of College Program: An Analysis of Factors Influencing UST AB Shifters and Transferees", 80 na estudyante nila ang lumipat ng kurso at *transferees*. Kung susuriin nang mas maigi, 6 sa kanila ang nagsabing bumagsak sila sa kursong unang pinili nila, na nagresulta sa paglipat. Bagamat 75 sa kanila ay nagkaroon ng *career orientation* sa sekondaryang paaralan, sila pa rin ay nagkaroon ng pagiba sa kursong nais tahakin. Kaya naman, mahalagang magkaroon ng malalim na kaalaman ukol sa kung ano ang karera ang gusto, naaayon, at perpekto para sa bawat estudyante sa pamamagitan ng pagdalo sa mga seminar, career tests, at ang DSHAPE. Sa ganitong paraan, magkakaroon ng malinaw na direksyon sa kukuning kurso pagdating ng kolehiyo.

Madaming paghahanda ang ginawa niya para sa kaniyang kinabukasan: pag-aaral nang mabuti, magturo ng mga bata part-time, kumuha ng placement test, at iba pang ginagawa sa pang araw-araw. Ika nga, *"there's no such thing as free lunch"* kaya kailangan nating pag-igihan ang buhay natin sa kasalukuyan, upang maganda ang ating magiging kinabukasan. Dapat di'y maging mapanuri tayo sa ating mga desisyon upang makamit natin ang pinapangarap nating trabaho. Ang lahat ng ito ay tunay na pinadali ng DSHAPE, ngunit ang ating kapalaran ay nakalaan pa rin sa atin— kailangang magpursigi at mag-aral nang maigi upang makamit ang tagumpay bilang mga Lasalyanong Iskolar.

SANGGUNIAN:

Guest. (n.d.). Changing of College Program: An analysis of factors influencing UST AB shifters and transferees (Jareta, Abusmas, Malubay) - PDFCOFFEE.COM. pdfcoffee.com. https://pdfcoffee.com/changing-of-college-program-an-analysis-of-factors-influencing-ust-ab-shifters-and-transferees-jareta-abusmas-malubay-pdf-free.html

Sundaram, V. (2021, January 4). Data privacy abuse continues because we struggle to define the problem. Forbes. Retrieved December 13, 2023, from https://www.forbes.com/sites/forbesbusinessdevelopmentcouncil/2021/01/04/data-privacy-abuse-continues-because-we-struggle-to-define-the-problem/?sh=27f6ef8a32e9

CONT'D ISA PRANK?!

ISINULAT NI
Zhalimar Sicad

[...] Structure ay ang pagbabago ng estruktura ng pamunuan ng De La Salle Santiago Zobel kung saan iisa na lamang ang ating Punong Guro mula sa pre-kinder hanggang sa ika labindalawang baitang, kabilang tayo na mga iskolar ng BRafeNHS. Ito ay isang uri ng pagbabago na nararanasan natin mula sa taong panuruang ito. Ang pagsasama-samang ito o pag-*integrate* ng mga departamento mula Day High School at Night High School ay naglalayon na ipatupad ang pagkakaroon ng iisang akademikong kalendaryo. Bukod pa, ang pagpapalawak ng istrukturang ito ay nagbukas din ng mga bagong paraan ng pakikipagtulungan sa mga panlabas na organisasyon upang mas higit na mapaghusay ang paghubog sa mga mag-aaral ng paaralan. Ito rin ang magbubukas ng mahahalagang pagkakataon para sa karera ng ating mga Lasallian Partners upang higit na mapaghusay ang pangkalahatang karanasan na makatutulong sa pagbibigay edukasyon sa mga mag-aaral at sa paghubog bilang isang tunay na Lasalyano.

Ayon kay Francieska Nicole Rosas isa sa *Head Facilities Coordinator* ng organisasyong SRCC, "Ang pag-iisa o integration ng mga departamento para sa JHS at SHS ay ang pagkakaroon ng sistema na may iisang kalendaryo ng aktibidad na susundan." Aniya, ito ay naging malaking tulong upang maging mas maayos ang *performance* ng paaralan dahil iisa na lamang ang susundin na sistema. Kaya naman, mas madaming mag-aaral lalo na ang mga eskolar ng DLSZ ay nagpupursigi upang lalong paghusayan ang akademiko at pang palakasang talento upang mas makilala at umangat hindi lamang sa loob kundi maging sa labas ng ating paaralan. Ipinahayag din ng mga estudyanteng BRafeNHS na ang integrasyong ito ay nakatulong sa pagkabuti ng kurikulum ng paaralan dahil ayon sa kanila, *"Mas mapaghuhusayan ng mga magaaral ang kasanayan, kakayanan at pagiging handa para sa hinaharap sa pamamagitan ng pagsasagawa ng masusing pananaliksik at kasanayan sa iba't-ibang anats ng kaalaman upang umangkop sa mga pagbabago at modernisasyon ng mundong ating ginagalawan.*

Bagama't naninibago pa ang ibang estudyante sa estruktura ng bagong kurikulum, marami pa ring mag-aaaral ng BRafeNHS ang sumasang-ayon at ganap na tinanggap ang pagbabago ng integrasyong ito. Malaki ang maitutulong ng pagbabagong ito sa ating mga mag-aaral sapagkat tayo ay magkakaroon ng kalayaan at pagkakataong magsanay, matutong umangkop at makipagsabayan sa mga pagbabago na magagamit sa hinaharap bilang isang responsableng indibidwal ng ating lipunan. Ika nga kay **Richard Cranston** - isang amerikanong artista at filmaker; ***"Bawat kwento ng tagumpay ay isang adaptasyon, rebisyon at pagbabago"***. Kaya't bakit kailangan nating mangamba? Ang tamang gawin ay akapin ang pagbabago at magpakadalubhasa upang makasunod sa mas moderno at makabagong pamamaraan ng edukasyon para sa ating kinabukasan. Animo La Salle!

Animo La Salle!


AGHAM



ANG 3PS NG CLUB FAIR: PAGHUBOG, PROAKTIBO, AT PRODUKTIBO

▶ PAHINA 16

AGHAM



OUT OF STOCK: NILAGA SA TIYAGA

▶ PAHINA 15

CONT'D POLLSUHAN

ISINULAT NI
Joshane Cariño

[...] rito, ang Luntiang Binhi, sa pangunguna ng seksiyon ng Lathalain ay nagsagawa ng taunang POLLsuhan upang alamin ang pulso ng mga mag-aaral ng BRafeNHS tungkol sa epekto ng implasyon sa tulad nilang panggabing iskolar.

Ipinakita ng resulta ng *survey* na malaking porsiyento ng mga estudyante ang may kamalayan sa taas ng presyo ng mga bilihin at serbisyo ngayong taon, gawa ng implasyon. Lubos na naapektuhan ng matataas na bilihin ang kanilang *budget* sa pagkain, baon, at ang pamasahe sa mga pampublikong sasakyan. Karamihan din ng mga estudyante ay naabutan pa ang Php 7.00 - Php 9.00 na bayad sa jeep noong taong 2018. Dahil dito, lubos nilang naikukumpara ang pagkakaiba sa presyo ng pamasahe noon at ngayon.

"Lubos akong nilalamon ng konsensiya tuwing humihingi ako ng pera mula sa aking mga magulang dahil lahat ng bilihin ay nagmahal na [I feel REALLY REALLY REALLY guilty whenever I ask my parents for money, everything is so expensive now...]" mula isang mag-aaral na sumagot sa sarbey. Makikitang malaki ang epekto nito sa kanilang buhay-estudyante sapagkat umabot na sa puntong nakokonsensiya sila sa paghingi ng pera sa kanilang mga magulang para sa pangangailangan nila upang makapag-aral.

Ang ilan ay nagsasakripisyo ng kanilang perang inilaan sana para sa pagkain sapagkat may mas importante silang kailangan bilhin: ang mga kagamitan sa pag-aaral. Marami ang pumipiling hindi na lang bumili ng pagkain at nagpapalipas ng gutom para lamang mabili nila ang mga kailangan para sa eskuwela. Ang Php 50.00 noon na tumbas ng kanin at ulam na nakabubusog at may sukli pa para sa inumin, ngayon ay nakabibili na lamang ng kalahating kanin at katiting na ulam na hindi sapat upang paganahin ang katawan sa maghapon. Dati, sa hirarkiya ng pangangailangan ay nauuna ang pagkain sa halip na mga kailangan sa eskwelahan. Ngunit sa panahon ngayon, sa taas ng bilihin, mas higit pang importante ang makapagambag sa proyekto at bilhin ang mga kailangan sa paaralan na nagreresulta sa kalam ng kanilang tiyan.


Para sa mga estudyanteng panggabi, sa usapin ng gastos, bahagyang mas naging magaan ang *Online Distance Learning* (ODL) para sa kanilang pamilya sapagkat lahat ng pang-akademikong gawain ay nagagawa *online*. Ang buong dalawang taon at kalahati ng buhay-estudyante ng mga mag-aaral ay isinagawa sa kani-kanilang bahay kung kaya't nabawasan ang mga gastos sa transportasyon, mga kagamitan sa paaralan, at iba pang gastusing kailangan sa pag-aaral. Ngunit, ngayong nagbalik-eskuwela na ang lahat at regular nang pumapasok sa kampus, kailangan nang ilapat ang paglalaan ng mas malaking gastusin. Sa taas ng bayad sa mga pampublikong sasakyan ngayon, may ilang mga estudyante ang pinipili na lamang maglakad papunta at pauwi sa paaralan para lamang mapagkasya ang inilaang pera para sa buwan. Araw-araw na problema ng maraming estudyante ang pag-aalinlangan kung kakasya ba sa ibinigay na baon ng mga magulang ang pamasahe, pera pangkain, at pambili sa mga kailangan sa paaralan.

Ipinakikita ng resulta ng *POLLsuhan* ngayong taon na tunay na mulat ang mga estudyante ng BRafeNHS sa hirap ng buhay ngayon dala ng implasyon sapagkat ito ay isang bagay na hindi malayo sa kanilang karanasan sa pang-arawaraw nilang buhay: mula sa pagtitipid sa sariling pangangailangan hanggang sa pagmamalasakit sa kanilang magulang upang makagaan sa gastusin ng sambahayan.

Sa pagpapatuloy ng implasyon, paano pa mapagtutuonan ni Juan ang de-kalidad na edukasyon kung kumakalam ang kaniyang tiyan at inaalala ang matinding sakripisyo ng kaniyang sambahayan?

OUT OF STOCK: NILAGA SA TIYAGA

ISINULAT NI
Maria Nizabela Limjoco



“May I have one order of this meal with a side made from a fermented paste of soybeans, roasted grain, brine, and Aspergillus oryzae? Oh, and don’t forget the natural crystalline mineral ha? I don’t want unseasoned food kasi eh.”

Tumawa si Isko sa kaniyang sinabi. May halong *facial expressions* at paggalaw ng mga kamay pa ang kaniyang pag-akto. *“Ganito siguro um-order ang mayayaman ‘no? Ang daming arte ng salita, toyo’t asin lang naman!”* Dagdag niya pa. *“Pero, masarap naman ang toyo’t asin, ‘yun nga ang inihain ni inay ngayon! Okay lang, masarap, pero umay na ‘ko.*” Paulit-ulit lamang ang siklo ng araw-araw na pamumuhay ni Isko. Gigisingin ng kalam ng sikmura na daig pa ang isang *alarm clock*, hahayaang lumipas ang oras sa pamamagitan ng pagtatrabaho upang makalimutan ang gutom, uuwi, at sa huli ay kakainin ang nakahaing putahe sa lamesa; na kadalasa’y mga sangkap pampalasa lamang. Kumakayod at rumaraos lamang ang pamilya ni Isko kada araw, sinusubukang punan ang kalam

Ang isyung nakapaloob sa sitwasyon ng pamilya ni Isko ang itinatampok ni Carl Jv Cacho mula sa DLSZ Br. Rafael Donato FSC Night High School (BRafeNHS) Batch 2025, ang nagwaging kampeon sa paligsahang Nutri-Bigkas noong ika-17 ng Agosto, 2023, sa selebrasyon ng Buwan ng Nutrisyon. Ang Nutri-Bigkas ay isang *spoken word poetry competition na sumusunod sa tema ng programa na* ***“Veggie Crossing: Promoting an Affordable and Healthy Diet for Everyone.”*** *Idiniin ni Cacho sa kaniyang piyesang pinamagatang* ***“Usa ka Kahig, Isang Tuka”*** ang kahalagahan ng pangangalaga sa kalusugan ng bawat isa. Ayon kay Cacho sa isinagawang panayam ng publikasyon, *“Madalas sa tuwing sasakay ako ng jeep ay mayroong mga batang lansangan na sumasabay at sumasabit upang makalibre ng sakay. Nakikita ko sa kanilang itsura at katawan ang hirap. Nanghihinayang ako na sa murang edad ay ganoon na lamang ang kanilang sitwasyon; walang pangtustos sa araw-araw, hindi mabuti ang kalusugan, at maagang naghahanap-buhay kahit panglilimos lang.”*

Ayon sa pagsusuri ng OCTA Research, may 11.3 milyon o 43% na sambahayan ang kinokonsidera ang kanilang sarili bilang *food-poor* sa ikalawang *quarter* ng 2023. Ayon pa sa pagsusuri, umabot sa 3.9 milyong pamilya ang nakaranas ng pagkagutom sa panahong ito; 84% ang nakaranas ng pagkagutom nang isa or ilang beses, at 16% naman ang nakaranas ng madalas na pagkagutom. Ayon sa World Bank, halos 30 taon nang nananatiling problema ang *undernutrition* sa bansa. Kaakibat nito ang pagkaranas ng isa sa bawat tatlong batang Pilipino na may edad limang taong gulang at pababa ng pagkabansot na dala ng pagkukulang sa nutrisyon. Ayon naman sa United Nations Children’s Fund, pinapatay ng malnutrisyon ang 95 na batang Pilipino araw-araw, habang 27 sa 1,000 bata ang hindi lumalagpas sa limang taong gulang.

“Kinabukasan, pitaka'y walang laman
Paano ko pupunan, aking kalamnan
Kailangan ko pa bang umabot sa sukdulan?
Toyo't-asin na naman ba ang dadatnan?
Pagbabadyet ay marapat mong mahubog.
Pumili ng pagkaing sayo'y bubusog,
Kalusugan ang puhunan sa trabaho,
Kaya't kung wala nito'y lagi kang talo.”

Sigaw ng likha ni Cacho; patuloy na idinidiin ang kahalagahan ng kalusugan at tamang nutrisyon. Ang piyesang binuo at isinaboses ni Cacho ay ang kaniyang paraan upang ihatid ang kaniyang mensahe at hikayatin ang mga mag-aaral na tumulong at magmalasakit sa ating kapwang nangangailangan, gaano man kaliit ito. Ngunit, hindi lamang ang mga mag-aaral ang nais hikayatin ni Cacho, maging ang gobyerno na rin. Ani niya sa kaniyang piyesa ay nararapat na higit pang umaksiyon ang gobyerno at isulong ang mga proyektong pang-nutrisyon, upang bigyang pansin at oras ang nakababahalang pagtaas ng porsyento ng mga pamilyang nakararanas ng paghihirap. Sa bawat araw na lumilipas ay isang bata ang nakahimlay sa hukay ng malnutrisyong dala ng kahirapan, isang batang minsan din ay nangarap. Patuloy na nga lang bang dadami ang pamilyang rumaraos sa toyo’t asin upang ibsan ang kanilang kagutuman?

Upang wakasan ang kaniyang piyesa, iniwan ni Cacho ang mga katagang, *“Sa'yong walang humpay na pagtitiyaga, hinding-hindi na sasapat ang nilaga.”*



KUHA NI: RIAM JAYE SANTIAGO

Pagiging punong-abala nina Gng. Pearl Villaflor at Gng. Rowena Guevarra sa kompetsiyon na Quiz Bee bilang pagdiwang sa naganap na National Science-Technology Week o NSTW 2023 noong ika-27 Nobyembre, 2023 sa Sylvia P. Lina Theatre.

NSTW 2023: BRAFENHS ALUMNI, NAGBAHAGI NG KAHUSCIENCE

ISINULAT NI
Zaira Nankil at Kirsten Ortiz

"Mahalaga ang papel na ginagampanan ng Agham, Sipnayan, at Teknolohiya sa pag-unlad at pag-usad ng ating bansa.” - Dr. Genevieve Pillar, puno ng Applied Sciences Department.

Ipinagdiwang ng komunidad ng De La Salle Santiago Zobel-Br. Rafael Donato FSC Night High School (DLSZ - BRafeNHS) ang **National Science and Technology (NSTW) Week na may temang Science, Technology, and, Innovation: Allies Towards a Stable, Creative and Secure Future** noong ika-27 ng Setyembre taong 2023. Ang pagdiriwang ay binubuo ng tatlong pangunahing bahagi: ang ***“STEM Journey”*** ni Engr. Leonito Perez Jr, talumpati ni Bb. Aubrey Sale na pinamagatang ***“Pursuing a STEM Career in the Eyes of a Biology Student”***, at isang ***Science Quiz Bee*** na nilahukan ng isang kinatawan mula sa bawat seksyon.

Ang mga naimbitahang tagapagsalita ay kapupulutan ng inspirasyon sa sama-samang paghubog ng kinabukasan sa pamamagitan ng agham at teknolohiya. Isa sa maituturing na *“BRafeNHS Pride”* ang isa sa mga tagapagsalita na si Bb. Aubrey Sale. Noon ay isang tagapagsulat sa agham ng Luntiang Binhi, ngayon ay isang BRafeNHS *Alumni* na may malawak na kontribusyon sa larangan ng agham, partikular na sa pag-aaral ng biology at STEM.

Mula sa naging pagbabahagi ni Bb. Aubrey, kani— ***[...]***

▶ ITULOY SA PAHINA 16

CONT'D NSTW 2023: BRAFENHS ALUMNI, NAGBAHAGI NG KAHUSCIENCE

ISINULAT NI
Zaira Nankil at Kirsten Ortiz

[...] -yang binigyang pansin ang malaking tulong ng pag-aaral niya sa BRafeNHS upang maging bihasa sa pagsusulat ng mga *scientific method, data analysis,* presentasyon, *at scientific papers*. Sa kaniyang pag-aaral sa BRafeNHS ay nagamit niya ang agham sa pangangalaga sa kalikasan nang sila kabilang ang kanyang grupo sa pananaliksik ay gumamit ng "*Bokashi Balls"* na kilala rin bilang "mabuhay balls". Ito ay purong gawa sa organik na mga materyales upang sumipsip ng maruming tubig. Maituturing ito bilang isang malawak at malikhaing inobasyon sa agham dahil sa tulong nito sa maraming lugar. Isa sa kaniyang kamangmanghang ginawa ay ang aplikasyon ng kaniyang *scientific research* ukol sa *bokashi balls* sa kaniyang komunidad. Layunin ng kanilang pangkat ang gumawa ng tinatawag na *"effective microorganisms"* (EM) sa pamamagitan ng *bokashi balls* na ginamit upang linisin ang Prinza Dam na matatagpuan sa lungsod ng Las Piñas. Ilan pa sa patunay ng epektibong dulot ng implementasyong ito ang paggamit ng isang libong *bokashi balls* ng siyudad ng Muntinlupa upang linisin at pagbutihin ang tubig sa Laguna de Bay nito lamang taong 2023. Sang-ayon rin ang Department of Environment Natural Resources (DENR) sa paggamit nito dahil inuubos nito ang mga *toxins* at bakterya na mayroon ang maruming tubig. Sa kaniyang pakikibahagi sa implementasyong ito ay mas nagiging matatag ang positibong epekto ng agham sa kapaligiran tungo sa matibay na kinabukasan.

Naging kasapi rin si Bb. Aubrey ng isang pangkat sa UST na nagsusulong ng kamalayan para sa COVID-19 kung saan sila ay naglabas ng pagsusuri at pag-aaral ukol sa mga bakuna nito.

Bukod sa pagbabahagi ng kaniyang karanasan, nagbigay din siya ng mga impormasyon ukol sa pagtatrabaho sa larangan ng pananaliksik, biyolohiya at agham.

Mula sa kaniyang proyektong CAPSTONE na aplikasyon ng *bokashi balls*, hanggang sa kaniyang pananaliksik sa COVID-19, naipamalas ni Bb. Aubrey Sale ang makabuluhang kontribusyon ng agham at teknolohiya sa pambansang kaunlaran. Matagumpay niyang naibahagi ang adbokasiyang agham sa komunidad ng BRafeNHS. Tunay siyang isang proaktibong lasalyano.

ANIMO LA SALLE!

SA USAPING PRAYBASI: IDENTIDAD KO, IINGATAN KO!

ISINULAT NI
Kaela Corral at cyrine De Alday

Sa napapanahong paggamit ng teknolohiya sa sektor ng edukasyon, noong Agosto 29, 2023 (Martes) ay inilunsad ng paaralang De La Salle Santiago Zobel (DLSZ) ang isang aktibong panayam kasama si G. Danny Cheng, ang Data Protection Officer ng Unibersidad ng De La Salle (DLSU), na pinamagatang "Data Privacy Talk," sa loob ng Tanghalang Sylvia P. Lina. Layunin ng panayam na ito na bigyang-pansin ang paksa ng privacy ng mga mag-aaral at kawani ng paaralan, nang sa gayon ay kanilang malaman ang karapatan nila sa paghawak ng mga sensitibong impormasyon, gayundin kung paano ito mabibigyan ng proteksyon sa mata ng publiko.

Ang talakayan ay pinangunahan ng Bise Presidente ng DLSZ na si Mr. Rafael Reloza, na sinundan naman ni Ms. Jovelyn Polo, ang Data Privacy Protection Officer ng paaralan na nagpakilala sa panauhing tagapagsalita.

Ilan sa mga [...]

▶ ITULOY SA PAHINA 17

ANG 3PS NG CLUB FAIR: PAGHUBOG, PROAKTIBO, AT PRODUKTIBO

ISINULAT NI
Xylene Mariano

Sa dami ng bukas na pagkakataong naibibigay ng kolaborasyon, sentro nito ang paghubog ng kahinaan at kalakasan ng isang Lasalyanong lumilinang. Sa pamamagitan ng pitik at impit ng mga salita, ang pakikipagtalastasan ay hindi na lamang pumapabilang sa estadong pang-akademiko. Sa integrasyong lohikal na aplikado ng mga mag-aaral ng BrafeNHS, malaking layunin na ang hubugin ang pagiging isang proaktibo at produktibong Lasalyano. Gayundi'y paano ito pumapasok sa maka-agham na ideya?

Kilala ang mga mag-aaral ng BrafeNHS bilang maabilidad, may lakas ng loob, at may kumpiyansa sa bawat gawaing iaatas sa kanila– kabilang ang mga clubs, organisasyon, at extracurricular na gawaing nagbibigay benepisyo sa kanilang moral na kaisipan. Datapwat malalaking salik ang mga ito, malalaking parte pa rin ang pagiging bukas-mata nila sa moral at sikolohikong pamamaraan.

Gayunpaman, sa bawat aksiyon at tagpo na nagaganap sa mga usaping ito, nagbibigay gana ang mga aktibidad sa loob ng kanilang kinabibilangan na *clubs* dahil tulad ng *sports, arts, at music clubs,* nagiging *stress-free* ang hatid nito sa bawat mag-aaral. Sa *holistic health* ng isang tao'y kabilang na ang iba't ibang mga kategoryang inuusisa nito. *"This fosters social connectedness, which improves resilience, boosts self-esteem, and is a protective factor against suicide"* ani ng awtor na si Nina Kremer, ng artikulong Families for Depression Awareness.

Sa pagbubukas ng taong panuruang 2023-2024 ng paaralang De La Salle Santiago Zobel (DLSZ) ay siya ring pagbubukas ng mga clubs upang bigyang daan ang pagiging aktibo sa sosyal na aspeto ng isang indibidwal, partikular sa mga hilig at pangunguna nito sa mga extracurricular na gawain mapalabas o loob ng paaralan. Noong Agosto 23, 2023 (Miyerkules) kasabay ng selebrasyon ng Buwan ng Wika ay naganap ang promosyon ng iba't ibang *clubs* upang kumalap ng mga panibagong miyembro, at panigurado'y mga bagong oportunidad.

Sa kabilang banda, sa anong usapin ng siyensiya natin makikita ang istruktura ng ating mga sarili lalo kung sa sikolohiyang paraan natin ito ibabatay? Isa ang pagsali sa mga larangang ito upang direktang hubugin at hanapin ang sarili, ibsan ang stress, palakasin ang *self-confidence*, at mas lalong hubugin ang *leadership skills*. Nakakaapekto ang ating lakas sa kolaborasyon, pakikipagtalastasan, at pagiging *communicative* sa mga aktibidad na nagaganap sa ating mga clubs. Ayon sa ***SciSpace*** mula sa iba't ibang mga pag-aaral, 66.1% ng *communication skills* ng mga estudyante ay dahil din sa kanilang mga pagganap at paglahok sa mga programang pampaaralan.

Gayunpaman, binibigyang lalim ng mga organisasyon sa DLSZ ang ilan sa mga indibidwal na hindi pa gaanong bukas sa kanilang mga kasanayan dahil nabibigyang pagkakataon silang hanapin, hubugin, at sanayin ang kanilang mga kakayahan sa pamamagitan *[...]*

▶ ITULOY SA PAHINA 17



KUHA NI: KEANNA ORTIZ

Ang pagpapakilaka ng iba't ibang club fair sa BRafeNHS Community na pinangunahan ng mga host na sina Josh Wayne Benavidez at Paula Lorraine Garcia ng BR-SRCC sa Sports Pavilion noong ika-16 ng Agosto, 2023.

CONT'D ANG 3PS NG CLUB FAIR: PAGHUBOG, PROAKTIBO, AT PRODUKTIBO

ISINULAT NI
Xylene Mariano

[...] ng mga clubs. Gaya ng iba't ibang mga organisasyon sa ating paaralan, isa sa mga kongkretong halimbawa nito ay ang Lasalyanong Pinoy. Salik din nito ang Social Action Office kung saan tinutuunan nila ng pansin ang pagpapahalaga lalo na't sikap nilang magbigay kolaborasyon at komunikasyon sa mga taong nararapat mabigyan nito. Bagama't minsa'y nakikita ito ng iba bilang balakid sa pagtugon sa mga edukasyong kahingian, tinutumpok nito ang puntong maging balanse at aktibo sa sosyal na paraan, kung saan inihahanda nito ang mga mag-aaral sa hamon sa labas ng ating buhay bilang isang normal na indibidwal.

Sa ating pang araw-araw na pakikisalamuha, pinagagana natin ang ating konseptuwalisasyon bilang isang hinuha sa mas malalim na kapabilidad natin upang gumalaw at maging kritikal na mamamayan at estudyante. Ang kasanayang ito ay nagdudulot sa mas mabilis na reaksiyon ng ating mga utak upang maging direksyon sa ating mga desisyon at kilos.

Kaakibat ng layunin ng ating paaralan, madalas nating nakikita ang bawat real-life application o learning targets ng mga aralin na nagiging kontribusyon sa mga LLIM Habits at LCV na itinuturo sa araw-araw. Muwang man tayo sa mas magandang parte ng mga bagay, mayroon pa ring susing magtatakda upang malaman natin ang kalidad ng pakikisalamuha, lalo kung malaki pala ang gampanin nito sa usaping makaagham. Gaya ng LLIM Habit #1 Be Proactive, mapa-akademiko man o extracurricular, mamuhay tayong isinasaisip na ang mga Lasalyano'y proaktibo't produktibo.

CONT'D SA USAPING PRAYBASI: IDENTIDAD KO, IINGATAN KO!

ISINULAT NI
Kaela Corral at Cyrine De Alday

[...] makabuluhang ibinahagi ni G. Cheng ay ang isyu ng *"Free Wi-Fi"* sa mga pampublikong lugar na bagama't nakakahikayat ay may kaakibat na panganib sa datos ng sinuman na gagamit nito. Mataas ang posibilidad na manakaw ang pribadong identidad ng isang tao sa pagkonekta sa libreng *Wi-Fi*, maaaring magbigay daan ito sa mga kriminal na magkaroon ng akses sa mga impormasyon kagaya ng transasksyon sa banko, *password*, at iba pang detalye ng isang account. Upang matugunan ang suliraning ito, iminungkahi ni G. Cheng ang paggamit ng mobile data kung nasa okasyon na nangangailangan ng pag-akses sa *Internet* at pag-iwas sa mga kahina-hinalang pampublikong *Wi-Fi*.

Bukod pa rito, pinaalalahanan ng tagapagsalita ang lahat na mag-ingat sa pagbabahagi ng sensitibong datos sa mga pampublikong plataporma, lalo na kung kabilang rito ang impormasyon o larawan ng ibang tao na walang pahintulot nila. Ang kawalan ng pagkaalisto pagdating sa personal na mga datos ay hindi lamang magreresulta sa kawalan ng seguridad ng isang tao, maaari din na humantong iyon sa pagnanakaw ng kanilang identidad o mas kilala bilang *Identity Theft.*

"Minors should be allowed na ma-track [o] matignan ang kanilang data, anong nangyayari at saan napupunta, at iba pa." Ani ni G. Cheng.

Nabanggit din sa naturang talakayan ang kagandahang maidudulot nito upang protektahan ang mga menor de edad, lalo't higit ang mga estudyante laban sa *cyberbullying* at mga bagay na hindi angkop sa kanilang edad. Pinaalalahanan muli ang lahat na bagama't mayroong benepisyo ang pagsasakatuparan sa Data Privacy, hindi ito maaaring gamitin sa pang-aabuso at pagmamalabis.

Gayunpaman, ang mga pribilehiyong ipinagkaloob sa patakaran ng Data Privacy ay may limitasyon na dapat malaman ng mga nakikinabang dito. Ayon kay G. Cheng, bagama't isang pangunahing karapatang pantao kung maituturing ang Data Privacy and Protection, hindi ito ganap — kinakailangan na balanse at may pagpapahalaga sa karapatan ng iba at sa epekto nito sa lipunan bago maisakatuparan ang kahilingan sa ilalim ng karapatan na ito. Dagdag pa ni G. Cheng, *"Ang karapatang ito ay maaaring nalalapat lamang sa espisipikong sitwasyon o limitadong kaso, ngunit hindi dapat ito lumabag sa karapatan ng iba [You should exercise your rights but on the other hand, it should not transverse across my rights.]"*

Ang pag-akses ng mga personal na impormasyon ay maaari lamang kung ito ay hindi nakahahadlang sa kalayaan at karapatan ng iba. Mahalagang malaman ng bawat isa, kabilang ang mga mag-aaral, guro, at


KUHA NI: KEANNA ORTIZ

kinatawan ng paaralan ang kanilang karapatan sa Data Privacy habang pinagtutuunan ang ilang mga limitasyon, nang sa gayon ay malawak nilang magamit ang iba't ibang plataporma na mayroon ang paaralan, gayundin, upang magkaroon ng proteksyon sa pag-usbong ng teknolohiya.

Bilang karagdagan, ang Republic Act 10173 o ang "Data Privacy Act of 2012" ang siyang nangangalaga sa pribadong datos ng isang indibidwal. Ito ang tanging nagbibigay ng proteksyon sa kanilang pagkakakilanlan sa loob at labas ng teknolohiya. Ang sinumang lalabag sa batas ay posibleng makulong at magmulta ng mula ₱500,000 hanggang ₱4 na milyon (ABS-CBN News, 2019).

Kung iaanib ang agham sa paksang ito, ang Data Privacy ay isang malaking problema para sa mga *Data Scientists*. Nahahadlangan nito ang kanilang mga pangangailangan sa pagkalap ng mga impormasyon na kinakailangan sa kanilang larangan (Bhattacharyya, 2023). Kung titignan natin ito sa aspekto ng edukasyon, bagama't tiyak na mapangangalagaan ang datos ng bawat mag-aaral, guro, at kawani ng paaralan, posibleng maging dilema ang pananaliksik at/o pagsusuri ng mga partikular na teksto sapagkat ang bawat kilos ng ninuman sa kanila ay kinakailangan ng pagpapahintulot at kung minsan ay maaaring hindi sila mapagbigyan sa mga impormasyong hinihingi nila.

Isang posibilidad din sa larangan ng edukasyon ang pagkakaroon ng pang-aabuso sa mga datos dahil sa lalong paghihigpit sa pribadong datos ng mga indibidwal, maaaring mauwi sa *Data Misuse* kung saan sinasadya o hindi sinasadyang magamit ang mga datos sa paraang hindi ito dapat gamitin (Sundaram, 2021). Posibleng maging sanhi ng kawalan ng seguridad ng mga sensitibong datos ng sinumang bahagi ng isang komunidad, sa paksang ito, sa isang paaralan, ang pang-aabuso sa mga impormasyon na hindi dapat ipasapubliko (Malyk, 2023).

Gayunpaman, ang Data Privacy ay isang sandata sa larangan ng edukasyon, lalo't higit sa mga guro at mag-aaral, dahil ito ang tanging makakapag-ingat at makakukubli sa mga sensitibong impormasyon na marapat lamang na proteksiyonan laban sa mata ng publiko.


KUHA NI: RIAM SANTIAGO

DLSZ JUNIOR BATTERS MULING UMARANGKADA SA LABAS NG BANSA

ISINULAT NI
Elyza Verdido

Nagpasiklab ng angking talento sa labas ng bansa ang mga atleta ng DLSZ sa larangan ng Baseball sa dalawang magkasunod na kompetisyon kung saan nag-uwi sila ng mga karangalan; 5th runner up sa patimpalak na 2023 XI U15 BFA Asian Baseball Championship na ginanap sa China noong Agosto 20 hanggang Agosto 26 at 3rd runner up sa Shimano Hardball Baseball Tournament na ginanap naman sa Japan noong Oktubre 26 hanggang Nobyembre 4.

Kasama ang mga kapwa Asyano; Chinese Taipei, Korea, Pakistan, Hong Kong, at Sri Lanka—nakipagbuno ng talento ang ating mga atleta sa patimpalak na 2023 XI U15 BFA Asian Baseball Championship.

Nabigo man sa unang dalawang laban ang ating Baseball Team sa iskor na 1-7 pabor sa Chinese Taipei at 1-8 sa Korea, itinuturing nila itong hakbang upang magamay at ikondisyon ang kanilang sarili bago pakitaan ng husay ang madla.

May pinatunguhan ang kanilang mga hakbang dahil naipamalas nila ang kanilang talento sa ikatlong laban laban sa Sri Lanka. Natapos ang kanilang tinatawag na *"adjusting period"* nang magiting nilang tinapos ang laban sa puntos na 13-1.

Pinanatili nila ang kanilang momentum sa maayos na paglalaro sa sumunod na laban sa pamamagitan ng mabangis nilang pitching laban sa Hong Kong na nagbunga ng 15-2.

Sa huling laban ay itinaas nila ang bandera ng ating paaralan, pati na rin ng Pilipinas, nang magpakitang-gilas si Amadeus Trozado, mula sa BRafeNHS 10N, na tinaguriang *"Home Run King"* laban sa Pakistan sa iskor na 15-1.

Hindi lamang diyan nagtatapos ang kanilang pagpapakitang-gilas dahil kanila ring pinakitaan ng bagsik ang mga koponan mula sa Japan sa pamamagitan ng pagsungkit ng ikatlong karangalan.

Nalamangan man sila sa simula ng kanilang katunggali mula sa Itiogawa, gumawa ng paraan si Leohj Palanog ng BRafeNHS 10N upang masigurado na ang laban na iyon ay itinakda para sa kanila sa iskor na 3-1.

Sa kabila ng maling galaw ng ilan sa kanila na nagbigay ng kumpiyansa sa kalaban sa sumunod na laban, binawi agad iyon ng mabagsik na mga pitching ni Laurence Valeros ng BRafeNHS 10N at ng mga full bases na nagawa ng grupo laban sa katunggaling Sua. Nagbunga ito ng iskor na 7-4.

Sa nalalapit na pagtatapos ng nasabing patimpalak, ang inaakalang panalo ay naging bato dahil sa nasirang *momentum* na binuo ng grupo sanhi ng malamig na klima na dala ng lokasyon nila na naging dahilan kung bakit hindi sila nakalaro ng maayos at nagresulta sa kanilang pagkatalo sa kanilang ikatlong laban, kaharap ang Nagoya All Star sa pinal na iskor na 2-7.

"Cold weather affects the players." ani ng buong team sa kanilang naging karanasan sa dalawang kompetisyon.

Mga Manlalaro:
Alfonso Alcantara, 10L

Aljun Tapia, 10N

Amadeus Trozado, 10N

Leohj Palanog, 10N

Jan Rein Soriano, 10N

Laurence Valeros, 10N

Sa patnubay ng kanilang *coach:*

Mr. Ricardo Jimenez

ALUDO NAGHASIK NG GALING SA PHILIPPINE COLUMBIAN ASSOCIATION COMPETITION

ISINULAT NI
Elyza Verdido

Muling nangibabaw ang DLSZ sa larangan ng Lawn Tennis matapos magwagi ni Stefi Aludo sa patimpalak na Philippines Colombian Association Opens na ginanap sa Paco, Manila noong Disyembre 3, 2023 sa kategoryang Inter High School Opens.

Tila imposibleng maipanalo ni Aludo ang kaniyang unang laban dahil katunggali niya ang Rank #1 sa Pilipinas, kaya't sa unang set pa lamang ay bumuo na siya ng *game plan*. Ayon sa kaniyang plano, kailangang paitaas ang lahat ng mga palo dahil maliit ang kaniyang kalaban. Sinubukan din niya ang tinatawag niyang *"power game"* na kung saan walang direktang direksyon ang bola, ngunit ito'y naging pabor sa kaniyang kalaban kaya't nakalamang ito sa iskor na 1-6. Sa ikalawang set naman ay nalamangan na ni Aludo ang kalaban sa iskor na 5-3. Bagama't, dahil sa mga service error, nakahabol ang kalaban, na nagresulta sa pinal na iskor na 5-7.

Sa kaniyang ikalawang laro laban sa Ateneo ay nangibabaw sila agad ng kaniyang kapares na mula sa De La Salle College of Saint Benilde. Bago pa lamang magsimula ang nasabing laro ay may kongkretong *game plan* na si Aludo na siyang dapat niyang gawin upang masungkit ang panalo. Kaya naman sinunod niya lamang ang kanilang naging game plan na siyang nagbunga sa iskor na 6-1. Sa sumunod na set ay muntik na silang pumaly dahil sa sunod-sunod na *service error* na nagresulta sa iskor na 2-1. Gayunpaman, hindi ito hinayaan ni Aludo at bumawi sila hanggang't ang masungkit nila ang panalo sa iskor ma 6-2.

Dahil sa ipinamalas na galing at pag-aalab ni Aludo ay dinala siya nito sa huling bahagi ng kompetisyon. Sa *finals* laban sa De La Salle University-Lipa ay wala nang bahid ng takot o kaba si Aludo kahit na mas maraming tao ang sumusuporta sa kaniyang kalaban. Hindi siya nagpadala at nagpatuloy ang kaniyang pagpapakitang-gilas na nagbunga ng kaniyang pagkapanalo sa kompetisyon sa pinal na iskor, 8-0.

"Training pa talaga," wika ni Aludo. Mula sa nasabing kompetisyon, ibinahagi niya ang mga kailangan pa niyang gawin upang maging mas magaling siyang manlalaro—isang manlalarong hindi takot lumaban at may kumpiyansa sa sarili.

DLSZ BADMINTON TEAM: INANGKIN ANG TRONO SA TORNEO NG BADMINTON

ISINULAT NI
Bianca Viado

Nagtagumpay sina Justin Villacruel at Leanna Rosas sa kanilang pagrepresenta sa Muntinlupa Smash Badminton Tournament noong ika-7 ng Oktubre laban sa mga paaralan sa Muntinlupa na siyang idinaos sa Christ The King School sa Putatan, Muntinlupa City.

Ang nasabing torneo *[...]*

ITULOY SA PAHINA 19

CONT'D DLSZ BADMINTON TEAM: INANG-KIN ANG TRONO SA TOR-NEO NG BAD-MINTON

ISINULAT NI
Bianca Viado

[...] na dinaluhan ng mga paaralan mula sa Muntinlupa ay isinagawa sa pormat na round-robin. Sa isang linggo na puno ng gawain, naging limitado ang oras ng mga manlalaro para sa mag-ensayo. Subalit sa kabila ng mga hamon, masusing naglaan ng oras at humanap ng paraan ang koponan para sa pisikal at mental na pagsasanay. Ang pagnanais na mapanatili ang mataas na reputasyon ng paaralan sa larangan ng badminton ang nagbigay-inspirasyon kina Villacruel at Rosas.

Bago pa man sumabak sa torneo, ang kanilang gustong makamit ay magtagumpay at mai-pagpatuloy ang mga pagwawagi ng DLSZ bago sumapit ang pan-demya noon.

"Naging mahirap ito, pero nanalo kami. Bago ito, isang buong linggo kaming nagsanay [It's been challenging but we won. Before, buong week kailangan mag-training]," ani Justin Villacruel. Naglalayon ang koponan na mapanatili ang kanil-ang kahusayan sa mga susunod na kompetisyon tulad ng WNCAA, PRISAA, PAYA Tour-nament, at ISSA.

Sa kabuuan, matagumpay na ipinamalas nina Justin Vil-lacruel at Leanna Rosas ang ka-nilang husay at galing sa larangan ng badminton, kasama na rin ang kanilang dedikasyon at determinasyon na manalo sa bawat torneo.

DLSZ JUNIOR SPIKERS: HINA-RAP ANG MA-LUPIT NA MGA LABAN SA UAAP SEASON 86

ISINULAT NI
Bianca Viado

Naipamalas ng Junior Spik-ers ang kanilang determi-nasyon at maiinit na la-ban sa kanilang mga nakatungga-li sa UAAP Season 86 sa kabi-la ng hindi inaasahang pagka-kawala nina Chris at Mario sa *lineup*.

Sa pagsisimula ng sea-son sa ating mga Junior Spik-ers, kulang man sila sa kanil-ang mga manlalaro dahil sa hindi paglalaro ng kanilang mga pambato na sila Pallega at Roxas ngunit kanila paring pinakita at pinatunayan na si-la'y nag-iinit parin. Ngunit sadyang mas uhaw sa panalo ng Adamson Baby Falcons na kanilang katunggali sa pag-bubukas ng season na nagresulta sa kanilang pag-angkin ng unang laro sa iskor na 8-25 sa unang at pangala-wang *set* at sa pinal na iskor na 7-25.

Lumaban ang DLSZ Junior Spikers sa UE nang may matinding pagpupursigi, ngunit sa hindi inaasahang pangyayari, nabigo ang laban nila sa UE Junior Warriors.

Sa kabila ng kanilang mga pagkabigo, nakamit ng Junior Spikers ang tagumpay sa ADMU Blue Eagles sa tat-long sunod-sunod na set—unang tagumpay na laban nila sa UAAP Season 86.

Sa kanilang pagharap sa dalawang mainit na grupo na NUNS Bullpups at FEU-D Ba-by Tamaraws, ibinigay ng mga manlalaro ang kanilang buong puso at lahat ng kanilang en-erhiya upang manalo. Ngunit, sa huli ay nabigo sungkitin ng DLSZ Junior Spikers ang pagkapanalo.

Sa kabila ng mga hamon na ki-naharap ng DLSZ Junior Spik-ers sa UAAP Season 86, ipina-malas nila ang matinding de-terminasyon at tapang. Baga-ma't hindi nakuha ang ilang panalo, tunay nilang naipama-las ang kanilang galing sa ka-nilang mga laro.

ANIMO LA SALLE!

DLSZ JUDOKA MULING HUMAKOT NG KARANGALAN

ISINULAT NI
Bianca Viado at Elyza Verdido

Nagtagumpay si Elijah Manuel, kasama ng iba pang manlalaro ng Judo-ka ng ating paaralan, sa pag-sungkit ng matataas na karanga-lan at medalya sa dalawang ar-aw na kompetisyon noong ika-12 ng Hunyo 2023 sa Hajime Invitational Judo Competition. Kalaban nila ang mga matataas na paaralan tulad ng Ateneo, UST, UE, at ang kilalang club na Caloocan Judo Club.

Sa panayam na dinaluhan ni Manuel, kaniyang kinuwento nang may ngiti sa labi ang mga nangyaring kaganapan noong siya ay lumaban sa kategoryang -81 kg weight sa nasabing kom-petisyon. Sa kaniyang unang kompetisyong Hajime Invita-tional Judo Competition, kani-yang kinaharap ang mga paar-alang University of Sto. Tomas, Ateneo De Manila University, University of the East at Caloocan Judo Club, ang nag-iisang club na sumali sa patim-palak.

Sa unang laban kaharap ang UST ay nakagawa na agad siya ng momentum sa pama-magitan ng pag-iskor ng isang waza-ari at isang pin-down 10-segundong oras bago matapos ang laban. Sa sumunod na laban kaharap ang UE, ipinamalas ni-ya ang kaniyang defensive side sa pamamagitan kaniyang pinagmamalaking Ippon na kung saan umatake siya mula sa likod upang patumbahin ang kaniyang kalaban. Sa ikatlong laban sa pagitan niya at ng kalahok mula sa Caloocan Judo Club ay hindi na niya nakontrol nang maayos ang kaniyang lakas dahil sa maaga niyang pagbubunyi. Natalo siya ng dalawang waza-ari mula sa kalaban, na ka-tumbas din ng isang Ippon. Sa huling laban ay bumawi siya sa pamamagitan ng isang Ippon. Tumagal ito nang 15 segundo, na siyang nagpakita ng kaniyang gigil at uhaw sa pagkapanalo. Pinatunayan niya na hindi pa tapos ang kaniyang laban at ginamit niya ang kaniyang natu-tuhan sa mga nakaraang laban upang patumbahin ang Ateneo. Nagkamit si Manuel ng pilak na medalya—simbolo ng kaniyang talento at paalala sa kaniya na marami pa siyang dapat matutu-nan.

Hindi roon nagtatapos ang laban ni Manuel. Matapos ang Hajime Competition ay muli siyang sumabak sa isa na na-mang patimpalak, ang "Philippines Judo Champion-ship." Kasama nito ang mga miyembro ng UAAP tulad ng mga paaralang Ateneo at UST, at ang club na Ultimate Judo Fighters Club - Philippines na siya ring host ng nasabing kom-petisyon.

Nagpakitang-gilas agad si Manuel sa kaniyang nag-aapoy na Ippon laban sa Ateneo. Ipinatili niya ang kaniyang mo-mentum sa pag-atake at pagde-pensa sa kaniyang ikalawang laban sa pambato ng UST sa pa-pamamagitan ng isang malinis na waza-ari. Sa kaniyang huling laban naman, ginamit niya ang kaniyang mga natutunan upang maatake at machoke-down ang kaniyang kalaban mula sa UJFC. Nagbunga ito sa pagsuko ng kaniyang kalaban at sa pagkapa-nalo ni Manuel. Nakapag-uwi siya ng gintong medalya mula sa Philippines Judo Champion-ship.

Tunay na kahanga-hanga ang pagpapakitang-gilas ni Ma-nuel sa dalawang magkaibang kompetisyon na nagbigay ng ka-rangalan sa ating paaralan. Sa isang ekslusibong panayam ay kaniyang ibinahagi na kailangan niya pang magpalakas ng kani-yang katawan sa pamamagitan ng pagpupursiging mag-ensayo at mag-ehersisyo. Aniya, paghuhusayan niya lalo sa darat-ing na UAAP upang mahigitan ang kaniyang mga nakaraang kompetisyon.

LISTAHAN NG MGA MAN-LALARO NA NAG-UWI RIN NG MEDALYA - HAJIME IN-VITATIONAL JUDO TOUR-NAMENT:

Gabrielle Louiza Talaue - Gold Medal, - 63kg division
Timothy Gabagat - Bronze Med-al, - 73kg division
Chloe Compra - Bronze Medal,-57kg division
Yngo Ramos - Bronze Medal, -55kg division
Mikee Trinidad - Bronze Medal, - 66kg division